Tatlong Uri Ng Mga Mananampalataya

Iyukod natin ang ating mga ulo. Habang nakayukod ang ating mga ulo, at ang ating mga puso, ilan kaya ang nagnanais na maalaala sa panalangin, na itaas lamang ang inyong kamay, sabihing, "Panginoon, alalahanin Mo po ako, O Panginoon." Mayroong napakaraming mga kahilingan dito, ang mga panyong nakalapag na sa mesa.

2 Minamahal na Amang Makalangit, nangagkatipon kaming muli ngayong gabi sa ilalim ng bubungan na ito, kung saan kinatagpo Mo po kami nang napakarami nang beses, at inihayag ang Iyong pag-ibig sa amin; habang sinisikap namin sa hamak naming mga pamamaraan na ipahayag ang pag-ibig namin at pagpapasalamat sa Iyo, dahil sa ginawa Mo para sa amin. At ngayong gabi ay lumalapit kaming muli, Panginoon, bilang mga taong nangangailangan, sapagkat lagi kaming nangangailangan sa Iyo. At hangga't naririto kami sa lupa, alam naming 'yan ang magiging pagsamo, dahil sa kami'y nasa pakikipagbaka. At kami'y . . . Umiinit na ang labanan, at ipinangako Mo at sinabi kung paanong ang kaaway ay magiging tulad sa isang leong umuungal. Nakawala siya sa gitna ng mga tao, at nakikita namin ito sa lahat ng dako, gaya ng isang leong umuungal na pinapatay ang sinomang masisila niya, dahil alam niyang maikli na ang oras niya. Subalit mayroon kaming—mayroon kaming isang—isang Ama na nagmamalasakit para sa Kanyang mumunting mga anak, at sa Iyo kami tumatakbo sampu ng aming mga kahilingan, sa gabing ito, Panginoon. Dalangin naming ipagkakaloob Mo po ang mga ito.

3 At ang mga panyong ito na nakalapag dito, Ama, ay nangangahulugang may mga taong may sakit sa kung saan man sa lupain, at nagsisipagtawag at nangangailangan sa Iyo, at sumasampalataya sa Iyo, upang gamitin ang pananampalataya nila dito para ipadala itong mga panyong ito. Diyos, ipagkaloob po na gumaling ang bawat isa sa kanila.

4 Nakikita namin ang Iyong dakilang kapangyarihan, Panginoon, ilang sandali pa lang ang nakalipas doon sa silid na iyon, na ipinanauli ang ganap na memorya ng isang batang lalaki na nawala. Nakikita namin ang Iyong dakilang kapangyarihan, sa tuwi-tuwina, na inaalis ang karamdaman at inihahayag ang lihim ng puso, at ipinapakita sa mga tao, at iniwawasto sila sa kaayusan. Pinasasalamatan Ka namin, Panginoong Diyos, pagkat lampas iyan sa kakayanan ng sinumang tao. Lampas iyan

sa anumang bagay na malalaman ng sino man sa amin, kung paano Mo inihahayag ang pinaka sanhi, at kung ano'ng gumawa nito, at kung paano ito. Ikaw po iyon, Ama. At alam namin, na, "Sinisiyasat ng Salita ang puso, at bilang isang Kumikilala ng mga pag-iisip at haka ng puso," kaya pinasasalamatan Ka namin para dito.

5 At ngayon, Panginoon, naniniwala kaming ang mga tao ngayon, habang nakayukod ang kanilang mga ulo, ay nangagbubulay-bulay tungkol sa mga bagay na ito, at ang Espiritu Santo iyon na nangungusap sa kanila. At ipagkaloob na ang bawat isa sa kanilang mga kahilingan ay matugunan. Iligtas Mo po ang mga maaaring maligtas pa, Panginoon, ngayong gabi. Ang mga naliligaw, pumasok nawa sila't maligtas.

6 Lubos kaming nagpapasalamat na makita ang napakaraming, malaking bunton na iyon ng mga basang damit doon, na nalalamang nabuksan ang libingan; at ang kasalanan ng dating pagkatao ay nailibing na, para sa marami sa kanila. At pinasasalamatan Kita para dito, Ama. At lumakad nawa sila sa panibagong Buhay, sa kanilang mga nalalabing araw. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling po namin ito. Amen.

7 Pagpalain kayo ng Panginoon, ipagkaloob ang kahilingan na mayroon kayo sa inyong puso na tutugunin.

8 Ngayon, sa palagay ko'y sinabi ni Billy na mayroong munting sanggol si Kapatid na Wheeler. Tama ba? Nagkamali ba ako roon, na ihahandog, o bagay na iba pa, o paghahandog. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Sa palagay ko'y mayroong tatlo o apat na sanggol."—Pat.] Buweno. Kung gusto n'yo na silang dalhin sa itaas ngayon, ikagagalak natin; kung maaari sana'y pumunta na ang mga elder sa harapan, magpatong ng mga kamay sa maliliit na mga batang ito, para sa gawaing paghahandog. At sisikapin nating maging maiksi lamang. At nais nating ang mga mumunting batang ito, na nagnanais na lumapit sa Panginoong Jesus, gustong dalhin ang kanilang—kanilang munting mga hiyas na ibinigay sa kanila ng Diyos. Lagi nating sinisikap na magbigay-daan para sa kanila, dahil di natin alam kung ano ang nakalaan bukas.

9 Sinasabi dati sa akin ng nanay ko, "Huwag mong ipagpaliban, bukas, kung ano ang magagawa ngayon." Tama 'yon, dahil hindi mo alam kung ano ang nakalaan bukas, subalit alam natin kung Sino ang may hawak ng bukas. Iyan ang pinakamahalagang bahagi. Alam natin kung Sino ang may hawak ng bukas.

10 Kapatid na Wheeler, pagpalain ka ng Panginoong Diyos. At ito si Kapatid na babaeng Wheeler. Tunay akong nagagalak na makilala ka. At ako. . . dakilang pribilehiyo ko, unang beses, palagay ko, sa nalalaman ko, na makatagpo kita. At ito ang anak

mo. Ano'ng pangalan nito? [Sinasabi ni Kapatid na babaeng Wheeler, "Carlena Rebecca."—Pat.] Carlena Rebecca. Buweno, napakabuting munting batang babae, sadyang napakaganda niya. Ngayon, munting Carlena Rebecca Wheeler.

11 Si Kapatid na Wheeler ay isa sa mga diyakono natin dito sa iglesya, at pinagpala ng Diyos ang kanilang pagsasama, sa munting batang ito. Sa pagkakaalam ko'y mayroon kang, mga, ang alam ko, dalawa pang anak na babae, hindi ba? [Sinasabi ni Kapatid na Wheeler, "Tatlo po."—Pat.] Tatlong iba pang mga anak na babae. Napakabuti talaga nilang mga binibini, sa pagkakaalam ko, at kaya dalangin ko na gawin ng Diyos si Rebecca na katulad ng iba pa sa kanila. Kita n'yo? At kung gayon ay magiging kasiyahan sa inyong lahat iyon, hindi ba? Tama 'yon, pagkat sila'y napakagiliw na mga bata.

12 Hindi ko alam kung papayagan niya akong kargahin siya o hindi, pero, kung ayaw niya, magpapatong kami ng mga kamay sa kanya. Gusto mo bang lumapit sa akin dito, Rebecca? Gusto mo bang kargahin kita? Napakainam niyan. Kaygandang batang babae!

Ngayon ay iyukod natin ang ating mga ulo.

13 Mapagbiyayang Makalangit na Ama, sa pagtayo namin sa harapan ng diyakonong ito, ngayong gabi; at tunay na isang mabuting katungkulan ang hinahawakan niya, sapagkat kailangang masumpungan ang isang diyakono na walang kapintasan, na asawa ng isang asawang babae, na pinamamahalaan ang kanyang pamilya nang maayos. Dahil, kung hindi niya alam kung paano pamahalaan ang pamilya niya, paano pa niya pamamahalaan ang bahay ng Diyos? At nagpapasalamat po kami sa Iyo na natugunan ng kapatid na ito ang mga katangiang ito, at nasumpungan namin sa kanya ang Espiritu ng Diyos.

14 At dinadala niya ngayon ang munting anak niyang babae rito, upang maihandog. Inilagay Mo ito sa kanilang mga bisig para palakihin. Diyos, at gaano kaming nagpapasalamat, na masasabi namin, na ang mithiin nila ay ang siya'y maging katulad ng iba pa niyang mga kapatid na babae. Ipagkaloob Mo po, Ama, na maging gayon nga ito. At mabuhay nawa ang bata at—at maging isang malaking paglilingkod sa Iyo, Ama. At ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinibigay namin ang sanggol na ito sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod. Gawin po siyang malusog, malakas; mabuhay nawa siya nang mahabang buhay, hanggang sa dumating si Jesus, kung maaari po iyon. At saka, Ama, naniniwala po kaming siya ay palalakihin sa aral ni Cristo. At ibinibigay namin ang kanyang buhay sa Iyo, para sa isang buhay ng paglilingkod. Amen.

15 Pagpalain ka ng Diyos, Rebecca. At pagpalain kayo ng Diyos, Kapatid na Wheeler at Kapatid na babaeng Wheeler. Sumainyo ang Panginoon.

16 Kumusta kayo? Ngayon heto ang isa pang munting batang babae na may napakalaking ngiti sa kanyang mukha. At ano ang pangalan niya? [Sinasabi ng ina, "Rhonda Renee Coats."—Pat.] Rhonda Renee Coats, tama ba 'yon? May kaugnayan ba kayo kina Jesse at sa kanila, kay Jesse Coats? ["Wala po."] Naisip ko lang . . . Kilala ko ang ilan sa mga Coats dito sa bayan. Kilalang-kilala ko sila, at naging—naging mga kaibigan ko sa—sa matagal nang panahon.

17 Rhonda, Rhonda Renee. Lalapit ka kaya sa akin, Rhonda? Aking—ibabalik din kita agad sa nanay mo, pagkatapos na pagkatapos na maibigay ka namin sa Panginoong Jesus. Ngayon, di ba't kalugod-lugod siya!

Ngayon ay iyukod natin ang ating mga ulo.

18 Makalangit na Ama, habang ang Iyong elder at ako ay magkasamang nakatayo ngayong gabi, sa pakikipagkasundo at sa pakikiisa sa Ebanghelyo, dinadala ng inang ito itong munting si Rhonda Renee sa Iyo para sa paghahandog. Inilagay Mo ito sa kanyang mga bisig, para sa pangangalaga, at ang unang bagay na magagawa niya ay ang ihandog po ito pabalik sa Iyo. Gaya nga ng sabi ni Job nang una, ipinagkakaloob ng Panginoon ang mga bagay na ito. At dalangin namin, Diyos, na pananatilihin Mo po siyang ligtas hanggang sa oras na kukuhanin Mo na. At, Diyos, ipagkaloob Mo po na mamuhay siya ng isang tunay na buhay Cristiano at maging huwaran sa iba, habang siya'y lumalaki. Pagpalain Mo po ang tahanan niya, at maihandog nawa ito sa Iyo, na isang lubos na paglilingkod, na may tapat na mga puso. At ngayon, Diyos, ibinibigay namin sa Iyo ang munting si Rhonda Renee Coats, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod. Amen.

Napakagiliw! Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

19 Kumusta ka! [Sinasabi ng kapatid na babae, "Robert Paul Shammel."—Pat.] Robert Paul Shane? ["Shammel."—Pat.] Shammel.

20 Buweno, ano kaya kung . . . At medyo bata ka pa, hindi ko iniisip na labis ang magiging katuwaan mo tungkol dito. Huwag mo akong tawanan nang ganyan. Tingnan dito, kung gusto ninyong may tawanan. Robert Paul, napakagandang pangalan!

Iyukod natin ang ating mga ulo.

21 Diyos, sa paglapit nitong bata pang babae rito; sadyang, sa amin, ay isang bata lamang. At ibinibigay niya ang kanyang munting anak na lalaki, O Diyos, bilang isang buhay ng paglilingkod sa Iyo. Ito po ay bunga at resulta ng kanilang pagsasama. Dalangin ko, Diyos, habang ako at ang Iyong elder

ay nakapatong ang mga kamay dito sa munting bata, na ang buhay niya ay mailaan para sa Iyo. Ipagkaloob po, Panginoon, kung mayroon pang bukas, dalhin nawa niya ang Mensahe na ang kanyang—na pinakikinggan ng kanyang mga magulang, Diyos. Ipagkaloob po ito. At dalangin ko na Iyong pagpapalain ang kanilang mga tahanan, at mapalaki nawa ang bata sa aral ng Diyos, at magiging isang—isang mapagmahal na alagad Mo. Ibinibigay namin siya sa Iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

22 Buweno, siya—siya'y sadyang isang mabuting bata. Iyon lang. Siyanga, po. Wala nang mahihiling pang mas lulugod, mayroon pa ba? Wala nang ano pa man sa mundo na mas kagiliw-giliw, tama 'yan, kaysa sa munting batang 'yan. Ngiting-ngiti! Di ba't kalugod-lugod 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

23 Diyan minsan naiinggit ang asawa ko sa tungkulin ko, sa pagkarga sa mga batang 'yan. Gustong-gusto niya silang kargahin. At ako, rin, pero lagi akong natatakot na mabalian ko sila. Sila'y napaka, alam n'yo na, totoong nakakatuwa at medyo maselan, pero, alam n'yo, sila'y—sila'y mas matatag talaga kaysa sa magagawa natin.

24 Ngayon, sinabi ko sa inyo na lalabas ako . . . Buweno, mayroon na lamang akong tatlumpu't limang minuto. Kinakailangan ko nang magmadali, hindi ba? Tingnan natin. Ako—ako—hindi ko ibig na—na magkamali ng paghusga sa anumang bagay, o magsabi ng anumang bagay na mali, subalit susubukan ko talagang mabuti, dahil sa . . . Alam n'yo na, matapos nating pumalaot sa—sa daan, hindi tayo—sadyang hindi na tayo ganun kaaktibo gaya natin dati, alam n'yo na. Ang mga milya kung minsan ay nagiging baku-bako, at sa dalawa o tatlong gawain kada araw, aba'y . . .

25 At ang gumagawa ng pinaka pangunahing bahagi, ay ang mga pangitaing iyon. Hindi nakakapanakit sa akin ang pangangaral. Naku, makakatayo ako dito buong araw, hindi makakaabala sa akin, ngunit ako . . . Ngunit ang mga pangitain lang na iyon, at kapag nasa mga pakikipanayam na ito ang mga tao, 'yon ang dapat na magkaroon sila. Kita n'yo? Iyon ang ipinunta nila dito. Ito'y bagay na di maaayos sa pagpapatong lang ng mga kamay. Kailangan nitong malaman ang ugat, ang pinagmulan nito, kung ano ang nagiging sanhi nito, kung ano ang gumawa nito, at pagkatapos ay kung ano ang gagawin upang makaalis dito. Iyan ang ipinarito nila.

26 Ngayon, mag-uumpisa ang pagtitipon, sa araw pagkatapos ng bukas ng gabi . . . o, hindi, pasensiya na, ito'y sa Miyerkules ng gabi, sa Shreveport, Louisiana. At kung sino man sa inyo ang may mga kaibigan sa dako roon, naku, sabihan silang dumalo. Sa Life Tabernacle, sa palagay ko, ay kung saan ito'y—mag-uumpisa ito, maliban na kung mailipat ito doon sa bulwagan,

kung makukuha nila iyon, na magbibigay ito sa kanila ng mas maluwang na lugar na mauupuan. Ngunit nakuha nila ang balkonahe sa itaas na palapag, at 'yung maluwang na pangunahing palapag, at pagkatapos ay isang palapag sa ibaba niyon. Kaya, hindi ko alam kung ilan eksakto ang mapapaupo nila, pero ito'y isang . . . Kung labis na maging masikip ito, siguro maaari nating kunin ang bulwagan na nasa kabila lamang nito, na magiging . . . hindi ko rin alam kung ilan ang mapapaupo nito. Nagkaroon na ako ng mga gawain doon, pero di ko matandaan. Ito ay isang—isang taunang pagtitipon.

27 Tatlong taon na ang nakalipas ay naroroon ako, at nag-umpisa kami ng isang rebaybal, sa Pangalan ng Panginoon, at hindi na 'yun natapos, mula noon. Nagpapatuloy lamang, nang sadyang tuluy-tuloy; araw-araw, pumapasok ang mga tao, naliligtas, nababautismuhan, at nagpapatuloy sa Panginoon nang ganoon, mga ministro at lahat na ay nagsisipasok mismo. At kami lang . . . Hangga't nagpapatuloy ito nang gayon, at nakakatigil ako rito, gusto ko itong bisitahin palagi, at ibigay lamang ang ilan kong pananalita at—at magpatuloy na.

28 Ngayon, mag-uumpisa iyon ng Miyerkules, at magtatapos ng Linggo. Ang agahan ng Christian Business Men ay . . . hindi ko . . . nakalimutan ko ang pangalan ng hotel na 'yon . . . sa palagay ko ito'y ang . . . tinatawag . . . Sila, sasabihin nila sa inyo kapag nakarating na kayo doon. Ito'y ang agahan ng mga negosyante.

29 Nagkaroon ako ng mainam na panahon doon, sa inyong mga negosyanteng nandirito, nang huling nandoon tayo. Iniligtas ng Panginoon ang isang—isang rabi, mula sa lunsod. At, oh, hindi ko na alam ang lahat ng nangyari. Isang dakilang panahon sa Panginoon, doon, ipinangangaral ang tungkol sa Tipan ng Dugo. Kaya ating . . . Iyon ang alam ng mga Judio; ang dugo iyon. "Maliban na sa pagkabuhos ng dugo, ay walang kapatawaran," kita ninyo.

30 Ngayon dumako na tayo kaagad sa Salita, at gagawin ko ang makakaya ko na tuparin ang salita ko sa inyo.

31 At ngayon, kung loloobin ng Panginoon ngayon, sa Linggo pagkatapos ng Pasko, kung nakabakasyon kayo at bumibiyahe, na hindi madulas at lahat na, naku, kung kayo—kayo'y nasa malapit na rito, naku, dumaan kayo. At nilalayon naming magkaroon ng gawain dito ng Linggo ng umaga, ng—ng—ng Linggo pagkatapos ng Pasko. Ano na ang petsa niyon? [May nagsasabi, "Ikadalawampu't siyam."—Pat.] Ikadalawampu't siyam, sa ikadalawampu't siyam na araw, at iyon ang Linggo pagkatapos ng Pasko, ikadalawampu't siyam na araw. Ngayon, kung may anumang mangyari na kami, isang bagay, na hindi kami, at hindi makakarating dito . . . Hindi natin alam ang hinaharap, alam n'yo na. Pero kung may anumang mangyari,

naku, kayo na nakatira sa labas ng lunsod, na pumarito, gaya ng mga kapatid na taga-Memphis . . .

32 Gusto kong marinig si Kapatid na Ungren na umawit ng *How Great Thou Art*. At hindi ko . . . Naririto ba siya ngayong gabi?

33 At, kaya, at lagi nang mayroon akong napakaraming bagay, hindi ko lahat sila matapos, hindi sila matapos lahat. Pagpalain kayo ng Diyos, kayong mga tao.

34 Ngayon dumako na tayo sa Mga Kasulatan ngayon para lamang sa—sa kaunting pagbabasa ng Kasulatan. Kung saan, kung mabigo man ang mga salita ko, Ito'y hindi mabibigo. At kung gayo'y pagpapalain kayo ng Diyos sa pananatili, nang dahil lamang sa pakikinig sa Kanyang Salita. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, sa pakikinig sa pamamagitan ng Salita ng Diyos." Tama ba? Ngayon habang nag-iisip ako . . . Habang, nagbubuklat kayo sa San Juan sa ika-6 na kabanata, simula sa ika-60 talata, at binabasa ang ika-71, na nakapaloob. San Juan 6:60.

35 Ngayon iniisip ko, habang nakadungaw ako sa bintana kani-kanina lang, at nakatingin sa paglubog ng araw at nakikita kung paanong ang buong kalikasan ay may batas. At kapag dumarating ang panahon ng taglamig, ang batas, ay kusa, ng kalikasan, na pinabababa ang dagta sa mga ugat ng puno. Nalilibing ito.

36 Gaya ng sinabi ni Job, "Oh, ikubli Mo nawa ako sa sheol, na ingatan Mo nawa ako sa lihim na dako hanggang sa ang Iyong poot ay maparam." At ngayon, 'yun na nga ito, "Kung ikukubli Mo ako!" Kita n'yo, nakita niya ang—ang kalikasan, ang puno, ang buhay ay bumababa sa mga ugat; Kapatid na Way. "At mananatili doon hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan, at pagkatapos ay tawagin ako at takdaan ako ng panahon." Kita n'yo?

37 May batas ang kalikasan. Mayroong batas ng kalikasan; wala talagang anumang paaran para maiwasan ito. Ito'y batas ng kalikasan. At pagkatapos ay may batas ng espiritu; wala, ring, paraan para maiwasan iyon.

38 Kausap ko ang isang mag-asawa kaninang hapon, tungkol sa, hindi mo lubos na mapupuksa ang anumang bagay. Ang mga tao ay hindi kayang pumuksa. Kaya nilang mangwasak, ngunit hindi ang pumuksa. At may nagsabi, "Buweno, paano naman ang pagkuha at pagsunog ng kapirasong papel, pinupuksa ba niyan ito?" Hindi, po. Ang mga kemikal ay pinaghihiwa-hiwalay lang nito, ng init ng apoy. Bumabalik ito mismo sa mga gas, kung ano ito sa simula. Hindi n'yo kayang pumuksa. At kung nanatili ang mundo nang matagal-tagal pa, ang mga gas din na 'yon, iyon at—at ang mga kemikal na nandoon sa papel, ay maaaring manumbalik at maging kapirasong papel muli. Tumpak 'yan. Hindi ninyo kayang pumuksa. Eksakto.

39 Ang Diyos, kung ganoon. Kung mayroong pagkabuhay na muli sa lahat ng bagay, na pabalik muli, at walang pagkalipol, mayroong pagkabuhay na mag-uli ng matuwid, siyanga, at tayo nga ay babalik. Iyon lang ito. Wala nang anumang paraan pa na magagawa. Kahit pa kung nasunog ka, kung nalunod ka, saan man nangyari, ang mga ito ay hindi kayang pumuksa.

40 Tandaan lang na ang bawat bahagi mo ay narito na, nang likhain ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng salita. Inilagay na Niya ang katawan mo dito mismo noon pa. At walang anumang makapag-aalis nito maliban sa Diyos. Ang lahat ng ito'y bumabalik muli sa Kanyang mga kamay. Kita n'yo? At Siya Iyon, ang Isa na, ang Manlilikha, Ang Siyang nangako, kaya nakatitiyak tayong mayroong Buhay na Walang Hanggan. At taglay natin ang katiyakan sa ating puso ngayon, na ngayon tayo'y mayroon nang Walang Hanggang Buhay, Buhay na Walang Hanggan na hindi maaaring mamatay, na nasa atin na ngayon. Buweno.

41 San Juan 6. Umpisahan natin ngayon sa ika-6 na kabanata ng San Juan, at simula sa ika-60 talata.

> *Marami nga sa kaniyang mga alagad, nang kanilang marinig, marinig ito, ay nangagsabi, Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?*
>
> Datapuwa't *pagkaalam ni Jesus . . . kaniyang sarili na nagbubulongbulungan ang kaniyang mga alagad tungkol dito,* at *sa kanila'y sinabi, Ito* ba'y *nakapagpapatisod sa* inyo*?*
>
> *Ano nga . . . kung makita ninyong* umaakyat *ang Anak ng tao sa kinaroroonan niya nang una?*
>
> Ito—ito ba ay . . . *ang espiritu nga ang bumubuhay;* at *sa laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo, ay pawang espiritu* (Siya 'yon)*, at pawang buhay.* (Ano'ng sabi Niya? "Ako ang Katotohanan, ang Buhay.") . . . *pawang espiritu, . . . pawang buhay.*
>
> *Datapuwa't may ilan sa inyong hindi nagsisisampalataya. Sapagka't talastas na ni Jesus buhat pa nang una kung sino-sino ang hindi nagsisisampalataya, at kung sino ang sa kaniya'y magkakanulo.*
>
> *At sinabi niya, Dahil dito'y* sinabi ko *sa inyo, na walang taong makalalapit* sa *akin, maliban na ipagkaloob sa kaniya ng Ama.*
>
> At *dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.* ("Matigas na pananalita," kita n'yo, hindi niya ito matanggap.)

Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong *magsialis din naman?*

Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? sapagkat *Ikaw ang* may *mga salita ng buhay na walang hanggan.*

At kami'y nagsisisampalataya roon *at nakikilala namin na ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios.* (Naku!)

Sinagot siya *ni Jesus,* Hindi *baga hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay diablo?*

Tinukoy nga niya si Judas na anak ni Simon Iscariote: sapagka't siya ang sa kaniya'y magkakanulo, palibhasa'y isa sa labingdalawa.

42 Ngayon, kung tatawagin ko itong paksa para sa gabing ito, at sikapin ang abot ng makakaya ko na magkaroon ng saysay 'yung kalahating oras, gusto kong mangusap tungkol sa: *Tatlong Uri Ng Mga Mananampalataya.*

43 At madalas kong sinasabi ang pahayag na 'yan. At naisip ko, "Buweno, sa palagay ko lamang ay ipapangaral ko ang tungkol dito nang minsan, mamayang hapon." Naisip ko 'yon.

44 Ang una ay mga mananampalataya, mga nagkukunwaring mananampalataya, at mga di-mananampalataya. Ngayon, 'yan ay isang—isang—isang di-pangkaraniwang paksa. Ngunit, kung paanong tiyak tayong nakaupo rito ngayong gabi, gayon din naman na ang grupong iyon ay laging nagkakatipong magkakasama. Saan man magtipon ang mga tao, ay masusumpungan natin ang grupong ito, at noon pa'y lagi nang nasusumpungan ang mga ito, at marahil ay lagi tayong magkakaroon ng mga tulad nila hanggang sa Pagparito ng Panginoon. At nais kong tayo, sa gabing ito, na isalarawan ang mga sarili natin, habang nangungusap ako tungkol sa tatlong grupong ito, at tingnan kung anong grupo ang kinabibilangan natin.

45 Ngayon alalahanin, nangungusap ako rito sa marahil . . . Sa iglesyang ito, na punung-puno muli ngayong gabi, sa palibot, at sa mga dingding at pasilyo, ngunit nagsasalita rin ako sa buong mundo. Kita n'yo? Sa lahat ng iba't ibang panig ng mundo, umiikot ang mga teyp na ito, sa mga ministeryo ng mga teyp.

46 Ngayon ay nais kong mangusap tungkol sa tatlong iba't ibang uri ng mga mananampalataya ngayon. Ngayon tandaan, *mga mananampalataya,* ang paksa ko ay *mga mananampalataya.* Ang isa sa kanila'y isang tunay na mananampalataya, at ang sumunod ay isang nagkukunwaring mananampalataya, at ang sumunod ay isang di-mananampalataya. Kita n'yo?

47 Ngayon, ang unang grupo na nais nating pag-usapan, ay ang mananampalataya. Dahil, sa palagay ko'y siya ang dapat na mauna, dahil siya 'yung totoong nananampalataya, ngayon, nananampalatayang gaya ng pagsampalataya noon ng mga alagad dito. Gagamitin natin itong pagbasa ng Kasulatan bilang halimbawa. Ngayon, ang una ay mga mananampalataya, mga tunay na mananampalataya. "At ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa Salita ng Diyos," ang Salita ng Diyos, na si Cristo. Kita n'yo, mga mananampalataya!

48 Ngayon, napansin ba ninyo itong dakilang pahayag na ginawa nitong mananampalataya? Ngayon, hindi kinakailangang maging matalino ang isang mananampalataya sa paraan ng mundo ng pagiging matalino. Hindi niya kailangang maging isang edukadong tao sa paraan na sinisikap nitong mga taong ito na—na sabihin na kailangan mong maging gayon; ngunit hindi mo kailangang maging gayon. Ikaw . . . Itong lalaking nagsabi ng pahayag na ito, ang Biblia Mismo ang nagsabing siya ay kapwa "mangmang" at "walang pinag-aralan." Si Pedro, hindi talaga siya ibinibilang na isang matalinong tao.

49 Sa Isaias 35, sinasabi, "Magkakaroon ng isang lansangan, at ng isang daan, at tatawaging, 'Ang daan ng kabanalan.' Ang marumi ay hindi makadaraan doon."

50 Kausap ko ang isa sa mga diyakono kaninang hapon, habang pinag-uusapan namin ang tungkol sa mga tulay na bumabagtas patawid, at ang isang bagong ito. Sabi ko, "Napakaraming mga tulay patawid sa malalawak na tubig, mga daanang tubig sa araw na ito." At sabi ko, "Subalit may isang napakalaking tulay na umaabot mula sa lupa hanggang sa Kaluwalhatian, tinatawag itong, 'Ang daan ng Hari.' Ang marumi ay hindi makadaraan doon." Tama 'yon. Ito'y isang—isang daan na itinayo ni Cristong Panginoon natin, ang tulay na ginawa mula sa lupang ito patungo sa isa pang Lupain, at ang marumi ay hindi makadaraan dito.

51 Si Pedro, ang taong ito na walang pinag-aralan, ng isang . . . nakatayo sa malapit, nang makita niya ang lubos na pinatotohanang Salita sa panahong iyon, na ipinangako ng Diyos sa araw na iyon na magkakaroon ng Isa na lilitaw na magiging isang—isang Propeta sa gitna nila. At nahirapan si Simon na paniwalaan ito, dahil sa nagkaroon na siguro ng napakaraming mga panggagaya Dito. Ngunit nang makita niya ang tunay, na nahayag na Salita sa kapanahunang iyon, at narinig Siyang nagpakilala Siya nang tumpak, siya—talagang nakumbinsi siya kung Sino nga Siya. At siya iyon, na nagsabi, "Panginoon, kanino pa kami magsisiparoon?" nang maitanong ito sa kanya.

52 Nang ang—ang malaking bilang ng mga tao ay naghihiwa-hiwalay na, sa pagitan ng mga mananampalataya, at mga di-mananampalataya, at mga nagkukunwaring mananampalataya, naroon lahat silang tatlo na nakatayo doon mismo sa iisang grupo ng mga tao; mga mananampalataya, mga nagkukunwaring mananampalataya, at mga di-mananampalataya, na matatagpuan mismo dito sa kabanatang ito dito. At dahil sa sinalita ni Jesus ang Mga Salitang iyon sa paraan na ginawa Niya, pinaghiwa-hiwalay niyon ang Kanyang kongregasyon. Ngunit dapat na maisagawa iyon.

53 Siya ay isang dakilang tao hangga't pinagagaling Niya ang mga maysakit, ngunit pagdating na sa Doktrina at sa propesiya, 'yan ang naghiwalay sa—sa ipa mula sa trigo. Kita n'yo? Bumabalot lang ang ipa sa trigo. Hindi ito ang trigo. Hindi ito magagamit. Wala itong halaga. Walang Buhay rito. Ito ang talukap, at hindi ito makapananatiling kasama ng trigo. Hindi ito magiging tagapagmanang kasama ng trigo. At kaya naman kailangan itong . . . Ang butil lang ang pinag-uusapan natin, ang puso ng butil ng trigo.

54 Ngayon pansinin, nakumbinsi si Pedro na Iyon ang Mesiyas. Ngayon, hindi mahalaga kahit ano pa man ang sabihin ng iba pa sa kanila. Hindi mahalaga kung ano pa man ang sabihin ng mga saserdote. Hindi mahalaga kay Simon Pedro kung ano man ang sinabi ng iglesya. Nakumbinsi siya, mismo.

55 Sinabi sa kanya ni Jesus, sa isang dako kung saan tinanong Niya, "Ano ang sinasabi ng tao kung sino Ako?"

56 "At anang ilan Ikaw ay 'isang propeta,' at anang ilan Ika'y 'isa sa mga unang propeta na nagbangon,' at—at Ika'y si 'Moises,' o si 'Elias,' o kung sino."

Sabi Niya, "*Kayo* ang tinanong ko. Ano sa palagay ninyo?"

57 At sinabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."

58 Sabi Niya, "Mapalad ka, na anak ni Jonas; Simon, na anak ni Jonas; sapagkat hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo. Hindi mo ito natutunan mula sa isang aklat, o mula sa isang kredo, o mula sa isang katekismo. Ikaw . . . Ang Aking Ama, na nasa Langit, ang naghayag nito sa iyo." Hayan ang isang tunay na mananampalataya; espirituwal na kapahayagan ng Salita. Kita n'yo? At hang- . . . "Ikaw ay Simon, at sa ibabaw ng batong ito, ng iyong kapahayagan ng kung Sino Ako, ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito." Kita n'yo?

Kaya naman pala sinabi ni Pedro, "Kanino kami magsisiparoon?"

Lumingon si Jesus at nagsabi, "Ibig n'yo rin bang magsialis?"

59 At sinabi nila, "Panginoon, kanino kami, saan kami paroroon? Sapagkat, nasa Iyo lamang ang Mga Salita ng Buhay. Tanging Ikaw lamang."

60 Sapagkat, hindi lamang Niya taglay ang Mga Salita ng Buhay, Siya ang Salita ng Buhay. Kita n'yo, Siya ang Salita ng Buhay, at ito ay lubos na napagkilala ni Simon. At nang makilala niya ito, iyon ang nagpanatili sa kanyang katatagan, dahil nahayag sa kanya na Siya yaong buhay na Salita.

61 Ngayon, iyan ay isang tunay na mananampalataya, kapag ang Espiritu Santo; hindi isang kinumbinsi ng ibang tao, hindi sa iba pang bagay. Kundi kapag inihayag na ng Espiritu Santo sa iyo ang Salita Mismo, at nakikita mo nang maliwanag ang Salita, na pinatotohanan; kung ganoon ang Espiritu ng Diyos ay dumarating at pumaparoon sa kapanahunang iyon, para sa Salita sa kapanahunang 'yon, at inihahayag ito.

62 Paano mapipigilan ng isang tao ang maniwala kay Luther kung alam niya 'yon? Si Luther ay isang repormista. Ang naturang espiritung-tao ay humayo roon para sa repormasyon. Si Wesley, ganoon din. Kailangan nilang paniwalaan iyon. Kita n'yo, iyon ang—iyon ang mensahe para sa naturang kapanahunan ng iglesya. Iyon ang eksaktong nangyari. Iyon ang magaganap. Kailangan ninyo itong paniwalaan.

63 At heto na tayo, nakarating na sa Kapanahunan ng Laodicea. At itinuro sa atin, sa Kapanahunan ng Laodicea, na pinalabas si Cristo sa Kanyang iglesya; at kumakatok pa nga sa pintuan, sinisikap na makapasok muli. Kaya't kapag nakikita na natin 'yan na nagaganap na, alam na natin kung anong kapanahunan na ang ating kinabubuhayan.

64 At, pagkatapos, nasa pagtatapos na tayo ng kasaysayan ng sanlibutan. Tinatapos na ngayon ang aklat. Ang huling linya ay isusulat na rito balang araw, at isasara na siya, pagkatapos ay tapos na ang panahon.

65 At may isang dakilang drama na isinasaayos. At nangakatayo ang mga Anghel sa mga alapaap, na nanonood. Alam ninyo kung ano ang isang drama. Nakahanda na ang mga artista sa entablado. Nakikita ninyo silang gumaganap.

66 Nakikita ninyo yaong masama na gumaganap. Nakikita ninyo ang kontrabida sa dula, kung paano siyang dumating sa tagpo na taglay ang kanyang katusuhan, upang manlinlang.

67 Subalit nakikita din ninyo ang Iglesyang inagaw na inihahanda ang Kanyang Sarili. Ito'y isang dakilang tagpo. Nakikita n'yo ang Presensiya ng Diyos na nagpapatunay at ginagawa ang dakilang drama na una nang sinabi dito sa Bibliang ito, isadula ang sarili nito. Napakadakilang panahon na mabuhay, ang pinakamaluwalhating panahon! Ang tao sa lahat ng kapanahunan ay naghangad para sa panahong ito. Hinangad

ng mga sinaunang propeta na makita ang panahong ito, subalit hindi pinalad.

68 Ngayon, may isang mananampalataya. Dahil sa, nakita niya ito. Sinampalatayanan niya ito. "Kami ay lubos na naniniwala na Ikaw ang Cristo, ang Mesiyas, ang Salita ng Diyos para sa araw na ito, at sumasampalataya kami riyan." Kita n'yo, isang tunay na mananampalataya 'yon.

69 Talakayin lamang natin ang ilan pang mga mananampalataya, nang madalian, bago tayo dumako sa kasunod na tauhan. Pag-usapan natin ang propetang, si Noe. Nang siya, na marahil ay isang magsasaka, marahil siya nga noong panahong iyon, ay isang magsasaka. Ngunit nang ang mga manunuya at relihiyonista ng panahong iyon . . . Lumalala na ang kalagayan ng iglesya, at nangusap ang Diyos kay Noe, at sinabi kay Noe na gagawa siya ng isang daong. Hindi nakipagtalo doon si Noe sa Diyos. Sinampalatayanan niya Ito, na Salita Ito ng Diyos, at agad-agad na kumilos sa paghahanda ng mga bagay-bagay.

70 Iyan ay isang tunay na mananampalataya. Hindi nakikipagtalo tungkol dito. Kapag ganap ka nang nakumbinsi, iyon na 'yon. Kagaya ng sinuman, anumang pananampalataya, anumang paraan. "Ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig." Kung makatatayo ka rito, kahit na ano pa ang sabihin ng doktor na sakit mo! Na, ibinigay na ng naturang tao sa iyo ang pagsusuri ng mga kaso, at malamang alam na marahil kung ano ang sinasabi niya, sa abot ng ipahihintulot sa kanya ng kanyang mga kagamitan at kaalaman upang malaman, ngunit sinasabi niyang wala nang natitira pa kundi kamatayan. Ngunit, nananalangin ka, at nakatayo doon sa hinaharap na nakikita mo ang isang magaling nang lalaki o babae na nakatayo roon. Oo, iyon na nga. At sadyang iyon na nga ito. Lalakad sila mismo diyan nang sadyang kasing tiyak ng anumang bagay, dahil sinasampalatayanan mo ito. Sinalita na ito ng Diyos. Alam mong ganoon nga ito.

71 Kagaya nung munting babae na iniubo ang kanser, kita n'yo. Walang pag-aalinlangan sa isip niya, na magaganap nga iyon. Patay na ang kanser, at kumawala na ito, at umalis na ito. Kita n'yo? Iyon na nga. Sampalatayanan n'yo ito.

72 Gaya ng amang iyon na dinala ang kanyang munting anak na lalaki, kani-kanina lang, doon. At naririto siya sa loob ng gusali sa kung saan man ngayon. Nahulog 'yung munting bata, at nawala ang kanyang memorya. Wala siyang maalalang kahit ano. Sa ilang saglit lamang, matapos ang panalangin, itinanong ko sa kanya ang pangalan niya. At sinabi niya sa akin kung ilang taong gulang na siya, at hayun siya na kasing normal na ng alinmang batang lalaki. Kita n'yo? Nananampalataya sila.

At kapag nagsasabi ang Diyos ng anumang bagay, magiging sa ganoong paraan nga ito.

At sinampalatayanan ni Noe ang Diyos, at itinuring si Noe na isang mananampalataya.

73 Si Daniel, noong nasa pagkabihag ang iglesya doon sa Babilonia, sumampalataya si Daniel sa Diyos. At kahit na gaano pa nila sinabi, "Gagawa tayo ng isang proklamasyon. Hindi sila mananalangin sa iba pang diyos maliban sa rebultong ito na naroon," ng banal na taong ito, o kung ano pa man ito marahil. Hindi 'yon binigyang-pansin ni Daniel. Narinig niya ang Diyos, sapagkat isa siyang propeta, at dumating sa kanya ang Salita. At nang ihandog ang templo, ay nasabi na, "Kung ang sino mang tao ay nasa kabagabagan sa alinmang bayan, at tumingin sa gawing ito sa banal na dako, at manalangin, kung gayon ay dinggin Mo mula sa Langit." At sumampalataya si Daniel sa Diyos. Isa siyang tunay na mananampalataya, at di siya kayang kainin maging ng mga leon. At tama 'yon, kita n'yo, isa siyang mananampalataya. Mayroon siyang isang bagay na totoo at dalisay. Isa siyang mananampalataya.

Si David, isa pang mananampalataya, isang munting tinanggihan sa lipunan na batang lalaki.

74 Hindi pinili ni Daniel na makisama sa makabagong iglesya, ni pinili man ni Noe na makisama sa makabagong iglesya. Talagang hindi. Sila'y mga mananampalataya sa kung ano ang sinabi ng Diyos na Katotohanan. Kahit na ano pa ang sinabi ng makabagong mundo, sinampalatayanan nila na ang sinabi ng Diyos ay ang Katotohanan. 'Yan ay mga tunay na mananampalataya.

75 Gaya lamang ng ginawa ni Pedro, at ng mga apostol, sinampalatayanan nilang nasa Kanya ang Salita ng Buhay at siyang Salita ng Buhay. Ganoon din ang sinasampalatayanan ko sa araw na ito. At lahat ng iba pang bagay na laban Dito ay taliwas, hindi ito, kamatayan ito. *Ito* lang ang nag-iisang Salita ng Buhay, at si Cristo ay ang Salita.

76 Ngayon, si David, na isang kabataang masiglang payatin. Sa unang-una pa lang, marahil lagi siyang pinagkakatuwaan ng mga kapatid niya, dahil maliit siyang tao. Hindi sapat ang laki niya para magdala ng isang sandata. Hindi siya puwedeng makipagdigma, at masyado siyang maliit at payat. At, gayunma'y, nagtungo siya doon, bilang isang mananampalataya.

77 At habang nakaupo siya doon sa disyerto (na nagbabantay sa—sa ilang dosenang tupa na ibinigay ng kanyang ama sa kanya para bantayan, na may dalang tirador, sa isang lalawigan kung saan may mga leon at mga oso at mga lobo, at iba pa), nagsimulang tumingin si David sa mga malililim na sariwang pastulan, at alam kung gaano kahalaga sa isang tupa na mahimlay doon sa lilim na iyon, at mahimlay sa kainitan ng

araw; alam niya kung gaano kahalaga ang isang mainam, na malamig na inuming tubig, sa pagsasabi niya, "Kung paanong nauuhaw ang usa sa tubig ng mga batis, nauuhaw ang aking kaluluwa sa Iyo, O Diyos." Kita n'yo? Humibik siya, nanalangin.

78 At isang araw ay naganap ang isang di-inaasahang pangyayari, sinakmal ng isang leon ang isa sa kanyang mga tupa, at biglang tumakbo palayo. Naisip niya, "Ang Diyos na ginawa akong mas mataas kaysa sa leon!" Kita n'yo? At kinuha niya ang tirador at pinatumba ang leon, sa pamamagitan ng isang maliit na bato sa tirador. Ngayon, kung meron mang nakakita na ng leon, isa sa mga leon na iyon sa Aprika, malaking mabalahibong leeg na mga leon na mayroon sila doon sa Palestina at Asya, malalaman nila kung ano ang isa sa mga nilalang na iyon. Gayong, ang isang napakalaking tatlong daang magnum ay halos hindi nga siya mapapatumba, at pinatumba niya siya sa pamamagitan ng isang bato. At nang bumangon ang leon laban sa kanya, sinunggaban niya ito sa balbas at pinatay ito. Iyan ang dahilan kaya alam niya kung ano ang sinasabi niya; nagkaroon na siya ng karanasan. Nasubukan na niya ang Diyos, patungkol sa Kanyang Salita.

79 At siya—hindi siya natakot kay Goliath, dahil sa, hindi ito tuli. Hindi ito isang mananampalataya, man lang; at nang lumabas si Goliath at isinumpa siya sa pangalan ng mga diyos nito.

80 At si Goliath, na maraming beses na mas malaki kaysa sa kanya; napakalaking tao, mayroon itong labing-apat na pulgadang mga daliri. Ngayon, ang mga naturang daliri ay magiging *ganyan* kahaba, kita n'yo, labing-apat na pulgadang mga daliri, isang mandirigma. At marahil ang baluting bakal na suot nito, marahil ay tumitimbang ng tatlong daang libra, o higit pa, kita n'yo, na suot nito. Isang helmet, at isang napakalaking . . . marahil ang metal ay isang pulgada at kalahati ang kapal. Isang napakalaking higante na tulad niyan, na naglalakad na may—na may karayom ng manghahabi na sinasabing nasa mga dalawampung talampakan. Hawak nito sa kamay ang isang dalawampung talampakang sibat. Ngayon paano magagawa ng sinuman . . . Ang isang taong gaya niyan ay makatatayo lang at makadadampot ng isang dosenang mga tao, at ihahagis silang *paganyan*, habang parating sila. Napakalaking oposisyon!

81 At hayun siya, na nakatayo roon, ipinagmamayabang ang kanyang sarili, nagyayabang. Nang ang . . . para bang talo na, nakita n'yo, sabi niya, "Hayaang . . . Huwag nang magkaroon pa ng pagdanak ng dugo." Sabi, "Hayaang—hayaang labanan ako ng isang lalaki, at pagkatapos kung manalo ako, kung gayon lahat kayo'y paglingkuran na lang ako; at pagkatapos kung—kung—kung manalo kayo, kung gayo'y paglilingkuran namin kayo." Kita n'yo, kapag inaakala ng diablo na nakalalamang na

siya sa inyo, kita n'yo, doon niya gustong-gustong magyabang. Subalit nakatagpo niya ang maling tao. Nakatagpo niya ang pinakamaliit na tao sa bansa, maliit, na hukot ang mga balikat, na masiglang payatin na lalaki.

82 Sabi niya, "Ibig n'yo bang sabihin sa akin na kayo, na—na hukbo ng buhay na Diyos, ay tatayo riyan at hahayaan 'yang Filisteong di-tuli na hamunin ang hukbo ng buhay na Diyos?" Aba, nagulat siya rito! Bakit? Bakit? Isa siyang mananampalataya. Ang iba ay mga nagkukunwaring mananampalataya. Kita n'yo? Kita n'yo, isa siyang tunay na mananampalataya. Sabi niya, "Kung natatakot kayo, ako ang lalaban sa kanya." Kita n'yo? Napakalaking hamon para sa isang maliit na lalaking gaya niyan! At kaya siya nga ay isang mananampalataya, at ginawa niya ang eksakto lamang na alam niyang gagawin ng Diyos. Siya'y . . .

83 Nang sumpain siya ng di-tuling Filisteong iyon sa pangalan ng mga diyos nito, sabi nito, "Ako ba'y aso; isang maliit na batang paslit ang pumarito nang ganyan? Aba," sabi, "tutuhugin kita sa dulo ng aking sibat, at ibibitin kita doon sa itaas ng puno at hayaang tukain ng mga ibon ang iyong laman." Oh, naku! Oh, talagang nakakatakot na tao iyon!

84 Sabi ni David, "Hinaharap mo ako na may isang tabak at isang sibat, na may baluti. Hinaharap mo ako sa pangalan ng isang Filisteo. Subalit, hinaharap kita na walang tabak o sibat, ni baluti, kundi hinaharap kita sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel."

85 Hayan na. Isang mananampalataya iyan. Iyan ang kanyang moog. Iyan ang kanyang kalasag. Iyan ang kanyang pananggalang. Amen. Iyan dapat ang pananggalang ng Iglesya. Ang sinumang mananampalataya, Iyan ang kanyang pananggalang. Kahit na ano pa man ang maganap, ano pa man ang sabihin ng sanlibutan, kung ano pa man, ang pananggalang ninyo ay ang Panginoong Diyos ng Israel. Iyan nga. "Ang Pangalan ni Jesus Cristo ay matibay na moog, ang matuwid ay tumatakbo rito at naliligtas." Iyan ang ating pananggalang, ay si Jesus Cristo.

86 Pansinin, at nang mangyari nga ito, alam natin kung ano'ng nangyari. Si David, walang mapatatamaan kundi yaong isang maliit na dako kapag ibinaba nito ang—ang—ang takip sa mukha nito. Ang isang dako na patatamaan ay dito mismo sa noo nito. At bago siya makalapit sa anumang distansiya sa—sa naturang higante, itinuro ng Diyos ang tanda sa pagpatay, at pinatay niya ang higante. Kita n'yo. Ginawa ng Diyos iyon. Ngayon, napansin nating isa siyang mananampalataya.

87 Ngayon, ang isa pang mananampalataya ay si Abraham, at mula siya sa . . . isang Caldeo mula sa siyudad ng Ur. At tinawag siya upang gawin ang isang bagay na . . . at paniwalaan ang

isang bagay na ganap, na imposible sa pisikal. "Subalit hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya," sabi ng Mga Taga Roma 4, "kundi lumakas nang lumakas, na nagbibigay-papuri sa Diyos."

88 Noong pitumpu't limang taong gulang na si Abraham, at ang asawa niya ay animnapu't limang taong gulang, at namumuhay na magkasama simula noong mga bata pa lang sila. Ito ay kapatid niya sa ama; isang kabataang lalaki at isang kabataang babae. At iyon ay, namuhay silang magkasama, na walang mga anak man lang. At sinabi ng Diyos kay Abraham, "Ihiwalay mo ang iyong sarili sa mga di-mananampalataya." Ang Diyos ay laging tumatawag nang pahiwalay, paghihiwalay. "Ihiwalay mo ang iyong sarili sa mga di-mananampalataya at lumakad kang kasama Ko, at ginawa Kitang ama ng maraming mga bansa. Ginawa Ko na ito."

89 At sinampalatayanan iyon ni Abraham. Iya'y isang mananampalataya. "Paano Mo ito gagawin, Panginoon?" hindi niya kailanman itinanong. Sinabi ng Diyos na Kanya itong gagawin, at sapat na iyon.

90 Nang lumipas ang unang buwan, at si Sarah ay nananatiling . . . Lampas na siya sa menopause. "May bagay bang kakaiba?"

"Wala ni katiting."

91 Subalit sinampalatayanan pa rin iyon ni Abraham. Matapos ang dalawampu't limang taon, wala pa ring pagkakaiba, subalit sinampalatayanan pa rin iyon ni Abraham. Iya'y isang mananampalataya. Hindi 'yan isang nagkukunwaring mananampalataya. Isa 'yang mananampalataya. Matapos ang dalawampu't limang taon, mas matatag pa si Abraham kaysa noong una pa lang. "Sumampalataya siya sa Diyos, at yao'y ibinilang na katuwiran sa kanya." Dahil sa siya ay na- . . . Iyan ang tunay na mananampalataya.

92 Ngayon, pagkatapos ng ilang sandali hahayaan ko kayong magsaliksik at tingnan kung sa anong uri kayo kabilang.

93 Ngayon ano'ng ginawa ni Abraham? "Hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos," sa mga kaimposiblehan.

94 Ano ang gagawin ng isang lalaking pitumpu't limang taong gulang, na may animnapu't limang taong gulang na maybahay, kung nagpunta sila sa isang doktor at nagsabi, "Gusto naming magpareserba, sa ospital. Magkakaroon kami ng isang sanggol"? At pagkatapos, makaraan ang dalawampu't limang taon, sabi, "Dok, bukas pa rin ba sa inyo ang ipinareserba namin sa ospital?" Kita n'yo? Kita n'yo?

95 Ginagawa ka nitong kumilos nang kakatwa. Ang mga pasya mo ay kakaiba, sa mundo. Subalit mananampalataya ito, kahit gaano pa man ito tila kakaiba. Sinabi ng Biblia, na, "Siya ay

lubos na nanalig na ang Diyos ay may kakayahang isagawa kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya."

96 Iyan dapat ang hangarin ng bawat mananampalataya ngayong hapon. Kayang tuparin ng Diyos ang bawat Salita na sinabi Niya na Kanyang gagawin. Wala akong pakialam anuman ang sabihin ng mga denominasyon, mga salitang, "Lipas na ang araw ng mga himala, at itong lahat ay pagbabasa ng kaisipan at lahat-lahat na, ito'y panghuhula. Ito'y . . . " Walang halaga sa akin kahit ano pa ang sabihin nila. Nananampalataya pa rin ako. Kung nakasentro ang baril na 'yan sa target, tatamaan nito ang target. At naniniwala ako na kung nakasentro ang isang mananampalataya sa Salita ng Diyos, tatama ito sa bagay ding iyon. Kung ipinangako man ito ng Salita ng Diyos, gagawin nito itong muli. Ako'y lubos na naniniwala riyan. Na, kapag nakikita natin na naririto na tayo sa kapanahunang ito kung kailan naririto na dapat ito, naririto na dapat ito. Ang mga bagay na ito ay dapat na maganap.

97 Iyan ang dahilan kaya naniniwala ako na kapag ang Nobyang iyan ay tinawag na at hinirang, at naroon na sa Aklat ng Buhay, ay darating ang isang tunog na mula sa Langit na magdadala ng lubos na bautismo ng Espiritu Santo patungo sa Nobyang iyan na kukuha sa Kanya mula sa lupa, sa isang Mapag-agaw na biyaya. Ipinangako ito ng Diyos. Wala akong pakialam ilan mang agham, at ilan mang astronaut ang kunin nila, at lahat na ng iba pa, at ilang milyong milya ang nakikita nila; wala akong anumang pakialam tungkol diyan. Mayroong Langit, at may isang literal na Jesus Cristo Doon na darating sa anyong katawan upang tanggapin ang Kanyang Iglesya sa Kanyang Sarili. Kahit gaano pa man tila katagal na ang naturang salaysay, ito pa rin ang Katotohanan. Sinabi nga ng Diyos ang gayon. Iyan ay—iyan ang pinaniniwalaan ng mga mananampalataya.

98 Sinabi ng Diyos, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat mong karamdaman. Ako ang Diyos at hindi Ako nagbabago." Amen! At ang Diyos ay Salita. At kung hindi nagbabago ang Diyos, paanong magbabago ang Salita? Kita n'yo? "Ako ang Diyos, at hindi Ako nagbabago." Sinasabi iyan ng Mga Kasulatan. Sinabi ito ng Diyos, Mismo. At kung hindi Siya maaaring magbago, kung gayon Siya ay ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." Ang di-nagbabagong Salita! "At ang Salita ay nagkatawang-tao, at tumahan sa gitna natin." Amen! Siyanga, po.

99 Nagbangon ang Diyos ng mga katawan, nang tuluy-tuloy magmula pa noon; sina Moses, at Ezekiel, at Jeremias, at Isaias, at ang kay Elias, tuluy-tuloy, kung saan pansamantalang dumating ang Kanyang Salita. Subalit ang buong Salita ay nahayag sa Taong ito na si Jesus Cristo. Na, Siya ay Diyos sa—

Diyos sa buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Doon Siya ay nagkatawang-tao. Sinasampalatayanan ko 'yan, bawat Salita.

Si Job, isa pang mananampalataya.

100 Kung minsan, ang mga mananampalataya'y sinusubok. Hindi nga kung minsan; sa tuwina! "Sapagkat bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kailangang dinidisiplina, sinusubok, batang sinanay." Tandaan, ang mga pagsubok, ang mga maalikabok na daanan, at mainit na araw ng pag-uusig, subalit pinupukpok ng katapatan ng inyong puso ang materyales na 'yan hanggang sa handa na siyang mailagay sa hulmahan. Ang mga anak ng Diyos ay ginawang husto sa Kanyang Salita, sapagkat sila ay mga buhay na halimbawa, at ang Salita ng Diyos ay nananahan sa kanila. Kita n'yo? Dumarating ang pagsubok para yanigin kayo, upang ilagay kayo sa pinakailalim, upang tingnan kung saan kayo tatayo. Sila ay sinubok, sinusubok ang bawat anak na lumalapit sa Diyos.

101 Dumaan si Job sa mga pagsubok at mga pagpapatunay. Kinuha ang mga anak niya; lahat na ng iba pa ay kinuha. Dumating ang mga miyembro ng iglesya, na inakusahan siya na isang lihim na makasalanan, at sinikap sabihin ang lahat ng bagay laban sa kanya, ngunit ganoon pa man ay ayaw niyang makinig sa alinman dito. Alam niyang humusto siya sa mga hinihingi ng Diyos. Alam niyang di na kailangan na sikaping tuksuhin pa siya ni Satanas. Alam niyang ang diablo 'yon. At hangga't mapaniniwala siya ni Satanas na ang Diyos niya ang may kagagawan ng kanyang karamdaman, nahahampas niya si Job. Ngunit nang minsang makuha ni Job ang kapahayagang iyon, na hindi iyon ang Diyos! Dumaraan lang siya sa mga pagsubok sa kanya upang gawin siyang bagay na mahalaga. Hindi ang Diyos ang gumagawa niyon. Si Satanas ang gumagawa niyon.

102 At ganoon din ngayon. Sisikapin niyang sabihin sa inyo na ang mga pagsubok na ito at gayong bagay ay ang Diyos ninyo na sinisikap magpataw ng parusa sa inyo. Hindi ito ganoon. Hindi, po. Si Satanas ito na gumagawa niyon, at ang Diyos ang nagpapahintulot nito, para hubugin kayo; para ipakita sa inyo kung kayo'y—nakatali ba kayo sa mundong ito, sa mga layaw ng sanlibutan, o kung ang mga kayamanan ba ninyo ay nasa Langit. "Sapagkat kung saan naroroon ang inyong mga kayamanan, naroroon din naman kayo." Tama 'yon. Ang puso ninyo ay naroon kung saan naroon ang inyong mga kayamanan.

103 Si Job, sinubok, gayunma'y sinabi niya, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay buhay; Siya'y tatayo sa lupa sa mga huling araw. Bagama't pagkatapos magiba ng mga uod ng balat ko ang aking katawan . . . "

104 Napansin ba ninyo? Ang mga uod ng balat ay nasa kanya na. Nasa inyo na ang mga uod ng balat n'yo. Kayo'y nasa isang nakaselyong kabaong na walang hangin sa loob nito, o paano't paano man, ngunit naroroon na ang mga uod ng balat. Naririyan mismo ang mga iyon sa inyo, at nakahanda silang tawagin na maglingkod anumang oras. Alalahanin si Caesar, naagnas siya mismo sa lansangan. Kinain siya ng mga uod ng balat, doon mismo sa lansangan, ng sarili niyang mga uod sa balat. Naririyan na sila, na nakahanda.

105 "Bagama't pagkatapos na magiba ng mga uod ng aking balat ang katawang ito, gayon ma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman." Amen! Hindi ninyo ito mapupuksa. Kahit na kainin pa ito ng mga uod ng balat, babalik pa rin itong muli. "Siyang makikita ko ng sarili. Mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba." Sinabi niya iyon, ni Job. Bakit? Isa siyang mananampalataya. Sa mga pagsubok ay isa siyang mananampalataya. Sa pag-uusig, isa siyang mananampalataya. Isa siyang tunay na mananampalataya.

106 Si Jose, na isa pang mananampalataya, hindi niya mapigilan kung ano siya. Isa siyang propeta. Ginawa siyang propeta ng Diyos. Hindi niya ninais na maging iba sa mga kapatid niya, subalit kakaiba siya. Ginawa siya ng Diyos kung ano siya. Wala nang iba pang makapapalit sa kanyang lugar.

107 Walang sinomang makapapalit sa puwesto mo, gaano pa man ito kababa. Sasabihin mo, "Isang maybahay lang ako." Walang makapapalit sa puwesto mo. Ang Diyos, sa Kanyang dakilang kapamahalaan, ay inilagay nang ganoon, ang Katawan ni Cristo, sa kaayusan, hanggang sa walang sinumang makapapalit sa lugar mo. Gaano ko kagustong pumalit sa lugar ni Billy Graham, sinuman sa atin na mga ministro, pero hindi natin magagawa 'yon; ngunit, tandaan lamang, si Billy naman ay hindi maaaring pumalit sa puwesto natin. Kita n'yo, may puwesto tayong lahat, ang iba sa atin ay mga ebanghelista, ang iba naman ay mga propeta, ang iba ay mga guro, ang iba ay mga pastor, anuman tayo; ang iba ay mga maybahay, ang iba'y mga mekaniko, ang iba'y mga magsasaka, maging ano pa man iyon, inilagay ka ng Diyos sa puwesto mo. Kita n'yo?

108 Si Jose ay isang propeta. Hindi niya mapigilan na kaya niyang magpaliwanag ng mga panaginip. Hindi niya mapigilan na nakakakita siya ng mga pangitain. Masdan kung gaano siya katapat. Kahit pa ang kapalit nito ay ang kanyang pakikisama sa mga kapatid niya, tapat siya, dahil sa pinaniwalaan niya ang mga panaginip na iyon. Sinampalatayanan niya iyon, ang napanaginipan niya, na yuyukod silang lahat sa kanya, yaong mga bigkis ng trigo nga. Naganap iyon dahil sa sinampalatayanan niya iyon. Isa siyang tunay na mananampalataya. Paano . . .

109 May limang minuto ako; at sampung pahina pa, pansinin ngayon, pansinin, ng Kasulatan na naisulat dito. Ang babae . . .

110 Si Nathanael, isa siyang mananampalataya. Tama ba? Si Nathanael, nang makita niya ang nangyari; at gumawa ito sa kanya, na sinabi ni Jesus sa kanya kung sino siya, at sinabing siya'y isang—isang "tunay na Israelita," at doo'y "walang daya" sa kanya, at sinabi sa kanya kung saan siya naroon noong araw bago iyon, "nananalangin sa ilalim ng isang puno." Nakita Niya siya nang—nang tawagin siya ni Felipe. Isa siyang mananampalataya.

111 Marami doong nangakatayo, sabi, "Ito ay espiritu ng diablo. Gumagawa ang diablo ng Makalangit na pagpapagaling." Hindi pa rin namamatay ang matandang diablong iyan ngayon. Naniniwala silang gumagawa ang diablo ng Makalangit na pagpapagaling.

112 Sinabi ni Jesus, "Kung pinalalayas ni Satanas si Satanas, kung ganoo'y nababahagi ang kanyang kaharian, at hindi makatatayo ang isang kaharian." Kita n'yo? Sabi ni Satanas, sa . . . Hindi niya magagawa iyon. Kaya, hindi kayang palayasin ni Satanas si Satanas.

113 Kaya isang mananampalataya si Nathanael. At nang makita niya ang Salita na nagkatawang-tao, pinatunayang isa siyang mananampalataya, sabi niya, "Ikaw ang . . . Guro, Ikaw ang Cristo. Ikaw ang Hari ng Israel." Sinampalatayanan niya ito.

114 Nang makita ito ng babae sa may balon, ay sinampalatayanan niya ito. Isa siyang mananampalataya.

Nang ang bulag na si Bartimeo . . . Nang napadaan ang isang babae . . .

115 Ang lahat ay nag-iiyakan na, nagkakaganoon. Ilan sa kanila ang nagsasabi, "May isang buong . . . Naririnig kong binubuhay Mo ang patay. May isang libingan dito na puno ng mga patay; halika't buhayin Mo sila. Tingnan namin na gawin Mo 'yon." Kita n'yo, ang siya ring diablo na nagsabi, "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, utusan Mo ang mga batong ito na maging tinapay." Ang siya rin na ipiniring ang basahan sa Kanyang mukha, ang humampas sa Kanyang ulo, sabi . . . ipinasa ang patpat, sa isa't isa, sabi, "Ngayon, kung sasabihin Mo sa amin kung sino ang humampas sa Iyo, paniniwalaan Ka namin." Ang mga sundalong iyon, kita n'yo, pinagkakatuwaan Siya. Para bang ang sukdulan ng kagipitan, ay nasa Kanya na.

116 Ngunit alalahanin lamang, laging nasa tagpo ang Diyos. Kita n'yo? Naririyan Siya mismo na nakahanda, sa anumang oras.

117 Ngayon sinabi ni Jesus, "Maaari Kong kausapin ang Aking Ama at kaagad-agad Siyang magsusugo sa Akin ng labindalawang pulutong ng mga Anghel." Oh, ano ang magagawa ng isang Anghel? Kita n'yo? Ngunit, nakita ninyo,

ngunit makapagsusugo Siya ng labindalawang pulutong sa utos lamang Niya. Subalit may tungkulin Siyang dapat gawin. May bagay siyang dapat gawin. Kailangan Niyang dumaan doon.

118 May bagay kang dapat gawin. May bagay na ipagagawa sa iyo ang Diyos. Maaaring magkaroon ka ng ilang mga pagdadalamhati at ilang mga problema, maaaring magkaroon ka ng ilang mga kabiguan, ngunit nananalangin ba tayo para iwasan ang mga iyon? Hindi. "Panginoon, itawid Mo po ako sa mga iyon, anuman ang mga iyon. Ano pa man iyon, huwag Mo pong hayaang takasan ko ang mga iyon. Kung inilaan ang mga iyon para sa akin, biyayaan Mo lamang ako para madaanan iyon. Iyon lang."

119 Ngayon ay pansinin, ang bulag na si Bartimeo, alam niya 'yon. Nasabi sa kanila, "Ito yaong Propetang taga-Galilea. Siya ang Anak ni David. Sinasampalatayanan namin ito." Sinabi marahil sa kanya iyon ng ilan sa mga mananampalataya. "Alam naming mga mananampalataya na Siya ang . . . yaong Anak ni David."

120 At alam niya, na kung Siya nga, Siya ang Salita. At kung alam niyang Siya ang Salita, alam niyang kaya Niyang malaman ang mga iniisip ng puso, kaya sumigaw siya, "Ikaw na Anak ni David, kahabagan Mo ako." Sumisigaw ang mga di-mananampalataya ng *ganito*, at *ganoon*, ang mga miyembro ng iglesya. Hindi man lamang niyan napigilan ang bulag na si Bartimeo. Sabi niya, "O Jesus, Ikaw na Anak ni David, kahabagan Mo ako!"

121 Marahil hindi Niya siya marinig. Ngunit alam Niyang humihiyaw siya, at tumigil Siya't pumihit. Hayun ang isang mananampalataya. Sabi Niya, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Amen.

122 Sinabi Niya iyan sa babaeng inaagasan ng dugo, ang ganoon ding bagay, "Ang iyong pananampalataya."

123 Dahil, sinabi niya sa kanyang puso, "Kung mahihipo ko lamang ang Kanyang damit, ako'y gagaling."

"Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Kita n'yo, isa siyang mananampalataya.

124 Iyan din ang nagligtas kay William Dauch, na nakaupo roon, noong isang araw, na may sakit sa puso, at atake sa puso, isang lalaking siyamnapu't isang taong gulang. "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Bakit? Isa siyang mananampalataya.

125 Si Reverend Tom Kidd dito, na papunta na sa kanyang . . . halos, palagay ko, nasa mga siyamnapung taon na ngayon, gulang, halos ganun nga. At noong pitumpu't siyam na taong gulang siya, dinala nila siya sa ospital na may kanser sa prostate. Sabi ng doktor, "Wala na siyang pag-asa pa."

126 Ngunit nang pumasok kami nang umagang iyon, nakita ang munting patriarkang iyon na may balabal sa kanyang mga balikat, na nakaupo roon, ipinupukpok ang munting tungkod, halos wala na siya sa kanyang sarili. Sinabi niya sa isang matandang babaeng nakaupo roon, tinawag niya siyang lola; kakilala siya, isa sa mga miyembro niya ng maraming taon na. Sabi, "Tila ba kasing puti ka ng niyebe," lampas na sa kanyang matinong pag-iisip.

127 Gayunman, nang tumama ang Kapangyarihan ng Diyos sa silid, buhay siya ngayong gabi. Iyan ay apat na taon na ang nakalipas. Isang lalaking halos walumpung taong gulang na, at heto siyang nakaupo ngayong gabi, na ganap na malusog at magaling na, mula sa kanser. Kita n'yo, hindi isang nagkukunwaring mananampalataya; isang mananampalataya! Iyon nga, manampalataya! Pinaniniwalaan niya ang Diyos sa Kanyang Salita.

128 Kagaya lamang ng bulag na si Bartimeo. Bulag, ngunit ganoon pa ma'y alam niya, na kung makukuha niya ang pansin ni Jesus Cristo, ay makukuha niya ang nais niya.

129 Alam ng babaeng iyon, na kung mahihipo niya ang Kanyang damit, makukuha niya kung ano ang nais niya—makukuha niya kung ano ang nais niya.

130 Alam ni Tom. May pananampalataya siya, na kung ipananalangin ko siya, ay makukuha niya ang ninanais niya.

131 Hindi ba't iyan ang siya ring pananampalataya kaya sinabi ni Martha, "Maging ngayon, Panginoon, anuman ang hilingin Mo sa Diyos, ay gagawin ito ng Diyos para sa Iyo; nakahimlay ang kapatid ko doon, na patay na, apat na araw nang nasa libingan; subalit hilingin Mo lang sa Diyos, at gagawin ito ng Diyos para sa Iyo"?

Sabi, "Muling mabubuhay ang iyong kapatid."

132 At sabi niya, "Opo, Panginoon, sa mga huling araw, sa pagkabuhay na mag-uli, siya'y muling mabubuhay. Isa siyang mabuting bata."

Sabi Niya, "Ngunit Ako yaong pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay!"

"Opo, Panginoon, sinasampalatayan ko rin 'yan."

"Saan ninyo siya inilibing?" Iyan na. Tapos na ito. Siyanga, po.

133 Ang reyna sa Timog ay dumating sa lahing iyon ng mga di-mananampalataya, tama 'yon, at tumayo roon at naniwala na ang nakita niya ay sa Diyos. Sinabi ng Biblia, "Siya'y tatayo sa huling araw, na kasama ang lahing iyon, at hahatulan ito, sapagkat nanggaling pa siya sa mga dulo ng daigdig upang makinig sa karunungan ni Solomon."

134 Si Moises ay isang mananampalataya. Bagama't sinikap niya sa intelektuwal, sinubukan na niya ang bawat pamamaraan na magagawa niya, subalit ayaw nitong gumana. Sinubukan niyang ilabas ang Israel, alam na tinawag siya para gawin iyon. Sinubukan niya sa paraang matematikal. Sinubukan niya sa paraang militar. Sinubukan niya sa paraan ng edukasyon. Sinubukan niya ang lahat ng paraan, subalit ayaw nitong gumana. Subalit pagkatapos ay pinili niya ang paraan ng Diyos.

135 Ano'ng nangyari? May Apoy sa isang mababang puno doon sa itaas, isang araw, na ayaw mawala. Mula roon ay nangusap ang Salita sa kanya, at sabi, "AKO NGA." Hindi, "Ako noon," o, "Ako'y magiging." "AKO NGA." At Siya pa rin ang "AKO NGA." Siya ang Salita, ang Walang Hanggan, ang walang hanggang Salita.

136 Hindi nag-alinlangan si Moises. Ang mga hirap na laban sa kanya, lahat ng kalikasan ay laban sa kanya, lahat na ng bagay ay laban sa kanya. Ngunit, sa isang baluktot na tungkod sa kamay niya, pumunta siya roon at sinakop ang buong bansa, nilunod iyon sa Patay na Dagat doon, at dinala ang Israel sa lupang pangako. Bakit? Sinampalatayanan niya ang Diyos. Tama. Mayroon siyang isang . . .

137 Iyan ang mananampalataya. Maaari tayong manatili . . . Ngayon nanatili ako ng kalahating oras patungkol sa mga mananampalataya.

138 May dalawa pang uri. Magmamadali tayo sa mga iyon, dahil hindi naman importante ang mga iyon, kahit paano. Hindi.

139 Pagkatapos, ikalawa, heto na ngayon ang di-mananampalataya. Pag-usapan natin sunod ang di-mananampalataya. Ano'ng ginagawa ng di-mananampalataya?

140 Nakikita natin na ang mananampalataya (na ano?) ay tinatanggap ang Salita; bawat lahi, bawat henerasyon, magmula pa noon kay Noe, tuluy-tuloy hanggang ngayon. Maaari tayong gumugol ng anim na buwang rebaybal mismo riyan, sa pagtalakay sa naturang mga tauhan. Sumasampalataya sila. Hindi nag-aalinlangan ang mananampalataya. Sinasampalatayanan Ito ng mananampalataya, kahit ano pa man Ito sa pakinig o ano pa man ang masasabi ng iba tungkol Dito, gaano man Ito tila kaimposible.

141 Sinasampalatayanan Ito ng mananampalataya, sinasampalatayanan (ang ano?) ang Salita. Hindi ang kredo; ang Salita! Hindi ang denominasyon; ang Salita! Hindi kung ano ang sinasabi ng iba; kung ano ang sinasabi ng Salita! Ngayon, tandaan, iyan ang mananampalataya. Hindi nag-aalinlangan ang mananampalataya. Hindi sinasabi ng mananampalataya, "Paano mangyayari ito? Kung maipaliliwanag ko Ito!" Iyan ang di-mananampalataya. Uh-huh. Ito'y ang mananampalataya, na,

kahit ano pa man Ito, "Kung Ito ang Salita, Ito ang Salita! Totoo 'yan." Iyan ang mananampalataya.

142 Ngayon ang di-mananampalataya. Ngayon nakikita natin kung ano. . . Tatalakayin natin ang mga di-mananampalataya. Nakikita natin na maayos pa sila hangga't tinatapik sila sa likuran at tinatawag na mga alagad. Hangga't (sila) ang lahat ay tumatakbo nang mainam, ayos lang sila. Subalit nang ang Propetang ito na pinaniniwalaan nilang isang propeta, at alam na ganoon nga, na kayang magpagaling ng mga maysakit, at iba pa, ano ang ginawa Niya? Nang dumating na ang talagang Katotohanan at pagsaway, na taliwas sa pinaniniwalaan nila, hindi nila matanggap ang Salita.

143 Kaya nilang tanggapin ang mga himala, at ginawa nila ang mga iyon. Humayo sila at nagpalayas ng mga demonyo, ipinangaral ang Salita, at gayon pa ma'y mga di-mananampalataya pa rin. Sa Mateo 10, ay isinugo Niya sila, nang dala-dalawa, ang pitumpu, at nagpalayas sila ng mga demonyo, na ano pa't nagalak si Jesus, at nagsabi, "Nakita Ko si Satanas na nahuhulog na gaya ng liwanag mula sa Langit." Kita n'yo, nagpalayas sila ng mga demonyo; si Judas nandoon mismong kasama nila. Heto na ang mga di-mananampalataya.

144 Subalit pagkatapos na pagkatapos sabihin ni Jesus na Siya'y ganoon, na Siya ay "ang pakabuhay na mag-uli," Siya ay "ang Buhay." "Ano'ng sasabihin ninyo kung makita ninyo ang Anak ng tao na umaakyat patungo sa kung saan Siya nanggaling?"

145 "Ngayon, itong Taong ito na pinipilit sabihing nanggaling Siya sa Langit, talagang kalabisan na 'yan para sa atin. Hindi na natin Ito kayang paniwalaan."

146 Sabi Niya, "Ano ba iyon? Ang laman na tinutukoy ninyo, ay walang pakinabang. Ang Espiritu ang siyang nagbibigay-buhay."

147 Hayan na. Binubuhay ng Espiritu ang Salita. Ito'y ang Espiritu, hindi ang kredo. Ang Espiritu, ng Banal na Espiritu, ay binubuhay ang Salita sa iyo, at nagiging buhay, at hayan nga kayo, nakikita n'yo ito. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakikita n'yo ito. Alam ninyong gayon nga ito dahil sinabi ng Salita na gayon nga, at binubuhay sa inyo ng Espiritu ang Salita. Hayan na.

148 Ngayon sinabi Niya, "Ano ang. . ." At pagkatapos na pagkatapos nating gawin ito, nalaman natin, ang mga di-mananampalataya, kapag may sinabi ka na hindi nila sinasang-ayunan, bigla ka nilang iiwan. "Sadyang ayaw ko!" Oh, parami na nang parami ang ganyan, sa mundo sa panahon na ito. Mag-umpisa at magsabi lang ng isang bagay. . .

149 Nagkakatipon-tipon sila. Napansin ko sa mga pagtitipon na sila'y magkakatipon-tipon, napakaraming tao, at tatayo ka,

magsisimulang magsabi ng isang bagay. Ngayon, hangga't . . . At mauupo siya roon, na nagmamasid lang, naghihintay lang. Tapos pagkasabing-pagkasabi mo ng, "Ngayon, ipinakilala ni Jesus Cristo ang Kanyang Sarili bilang Mesiyas, dahil sa isa Siyang Propeta," ang sisidlan na iyon ay punung-puno na, aalis na ito. Isang tao . . . at aalis na sila. Ano iyon? Mga di-mananampalataya!

150 Ngayon sasabihin n'yo, "Gawa-gawa mo lang iyan." Hindi. Sinasabi ko nang eksakto lamang kung ano ang sinasabi ng Biblia rito.

151 Sila ay mga di-mananampalataya, at lumabas sila. Bagama't mga alagad sila, ngunit iyon—taliwas iyon sa kung ano . . . Sabi nila, "Ito, sino ang maniniwala sa bagay na tulad Niyan?" Kita n'yo? Sila'y mga Fariseo at mga Saduceo na mga nagsilabas, sumama at pumasok na kasama Niya.

152 Dahil, kita n'yo, kapag ang—kapag ipinakita ang supernatural, nagbubunga ito ng tatlong iba't ibang uri. Gayun nga ang ginawa nito doon sa Egipto. Ibinunga nito ang di-mananampalataya, ang mananampalataya, at nagkukunwaring mananampalataya. Ibinunga nito lahat ng tatlong uri. Naisulat lamang dito, hanggang sa magpatuloy lang tayo nang magpatuloy buong magdamag, na ipinaliliwanag ito, kung paano ito. Saan mang dako, ay makikita n'yo ito, makikita n'yo silang tatlo. Lagi sa ganoong paraan, kita n'yo, ay masusumpungan ninyo sila.

153 Ngayon ay tingnan, ang pitumpung ito, umalis sila dahil hindi Ito sumang-ayon sa kung ano ang pinaniniwalaan nilang tama.

154 Wala tayong kaisipang dumarating. Ito'y kung ano ang sinabi Niya! Tinatanggihan mo ang sarili mong kaisipan. Sinasabi mo lang kung ano ang sinasabi Niya. Iyan ang tunay na pagpapahayag. Ang *pagpapahayag* ay nangangahulugang "sabihin ang gayon ding bagay." Kung ipinahayag ko na may isang bagay na naganap, sinasabi ko ang siya ring bagay na naganap. Iyan ang tunay na pagpapahayag. "At Siya ang Dakilang Saserdote ng ating ipinapahayag." Kita n'yo? Sinasabi ang gayon ding bagay na sinabi ng Diyos, kita n'yo, pinapaging tama niyan ito, pagkat inuulit mo lang ang Salita ng Diyos.

155 Ngayon pansinin, umalis ang pitumpu. Ano ang ginawa nila? At sila—umalis sila dahil lang sa—sa hindi sila sumang-ayon. Ang kanilang—kanilang—kanilang karunungan, ang kanilang—kanilang pagiging kabilang sa iglesya, ay—ay lubhang mahalaga. Sobra na 'yon sa kanila para isipin, na itong Taong ito na nakatayo rito, na ang . . . Lahat ng iba pang tao ay naniniwalang ipinanganak Iyon na bastardo. "Wala Siyang karapatan na tawagin ang Kanyang Sarili na Diyos. At tao lang Siya." Sabi, "Hindi Ka namin binabato dahil sa mabuting gawa na ginagawa

Mo, kundi aming—binabato Ka namin dahil sa Ikaw, na isang Tao, ay ginagawa ang sarili Mo na Diyos."

156 At sinabi ng Salita na Siya ay Diyos. "Ang Pangalan Niya ay tatawaging 'Tagapayo,' 'Prinsipe ng Kapayapaan,' 'Ang Makapangyarihang Diyos,' 'Ang Walang Hanggang Ama.'" Ang kanila mismong Mga Kasulatang binabasa nila!

157 At ang mismong araw na inaawit nila ang Awit, ang ika-22 Awit, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Ang lahat ng Aking mga buto nakatitig sila sa Akin." "Hindi mababali ang isa mang buto." Ang mismong awitin na inuulit-ulit nila sa templo, naroong nakabitin ang Hain na isinisigaw ang mismong mga salita na sinabi ni David walong daang taon bago pa, at napakabulag para makita iyon.

158 At, ngayon, ang mismong Diyos na nagsalita tungkol sa panahong ito ay nasa eksena na na ginagawang ganap kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya, at napakabulag nila para makita ito. Iyan ay mga di-mananampalataya. Umaalis sila at nagsasabi, "Oh, hindi ko mapaniwalaan ang Ganyang bagay. Hindi ko pa Iyan narinig sa tanang buhay ko!" Walang halaga kung ano man ang narinig mo na. Sinabi ng Biblia na darating Ito dito, at ito'y Kanyang Salita.

159 Maging Iyan, din, ay hindi pa nila kailanman narinig, ngunit ganun pa man ay naroon pa rin Ito. Kita n'yo? Tama 'yon. Sila ay mga di-mananampalataya.

160 Kagaya lamang ni Eba noon, napakarelihiyoso niya, siyempre pa, kaya, ngunit siya—hindi niya sinampalatayanan ang tunay na Salita. At kinailangan niyang gawan ang sarili niya ng isang relihiyon, kaya gumawa siya ng ilang dahon ng igos, kita n'yo, subalit ayaw gumana niyon. Ang *relihiyon* ay nangangahulugang "isang pantakip."

161 Ganoon din ang ginawa ni Cain. Hindi mapaniwalaan ni Cain na tama Iyon. Sabi niya, "Ang Diyos ay banal, ang Diyos ay dalisay, at ang Diyos ay maganda. Kaya kukuha ako ng ilang mga bulaklak, at dadalhin ko mula sa—ang mga bulaklak at gagawa ako ng isang magara't, napakalaking dambana, at ako'y—ipakikita ko ang aking pagpipitagan sa Kanya. Tatayo ako sa harapan nito, at yuyukod ako sa harapan Niya at sasambahin ang Diyos na iyan. At maglalagay ako ng mga bulaklak sa dambana, sapagkat, alam n'yo na, kumain ang aking ama't ina ng kung anong mga mansanas, kung anong prutas, doon sa halamanan ng Eden, at 'yan ang bagay na naglabas sa akin. At kaya, 'yan ay, babalik ako, pagkat gagawin ko itong maganda. Hindi magagawa ng Diyos na basta na lamang tanggihan ang malaki kong katedral. Aba, ako'y talagang magiging malaking katedral! Gagawin ko itong napakaganda hanggang sa makuha nito ang pansin ng Diyos." Si Satanas ang

siyang nananahan sa kagandahan. Iyan ang eksaktong sinasabi ng Kasulatan.

162 Iyan ang dahilan, kung minsan, na ang isang magandang babae ay isang pain para kay Satanas. Kung mahahawakan lang niya siya, makakaya niyang baluktutin ang mas maraming lalaki patungo sa impiyerno kaysa sa magagawa niya sa pamamagitan ng lahat ng mga inuman sa bansa. Tama 'yon. Kita n'yo? O kaya, guwapo, isang kilalang guwapong lalaki na ayaw—ayaw tumayo sa katotohanan ng kanyang pagiging lalaki, kita n'yo, muli, kaya niyang iindayog silang mga kababaihan patungo sa diablo, at upang ipadala sila sa impiyerno. Siyanga, po.

163 Pansinin, nananahan si Satanas sa kagandahan. Ano ang sinikap niyang gawin noong pasimula? Gumawa ng mas magandang kaharian kaysa doon sa na kay Miguel; pumunta doon sa Hilaga, at isinama niya ang dalawang-katlong bahagi ng mga Anghel.

164 Nakita n'yo kung kanino—kaninong anak iyon kung ganoon, na taglay niya ang kalikasang iyon? Anak ni Satanas. Tiyak, iyon nga. Ngayon ay itinayo niya ang dambana, at lumuhod siya't sumamba. Dumaan siya sa lahat ng bagay (si Cain) na ginawa ni Abel.

165 Ngunit alam ni Abel na hindi ito ganoon. Siya . . . Iyon ay dugo na siyang nagpalabas sa kanila. Alam niyang iyan iyon. Iyon ay ang pakikipagtalik, ang dugo. Kaya kumuha siya ng isang munting hayop, at inihandog ito sa ibabaw ng isang bato, at ginilitan ang leeg nito.

166 Pansinin si Cain, siya . . . Sinabi ng Diyos sa kanya, sabi Niya, "Bakit hindi ka sumamba na gaya ng kapatid mo, at ikaw ay magiging maayos. Mainam ang gagawin mo kung isasagawa mo iyon." Ngunit, hindi, masyado siyang maraming alam tungkol dito. Kita n'yo, tinanggihan niya ang orihinal, na pinagtibay na Salita. Kung hindi ba naman 'yan ang mga anak niya ngayon! Kita n'yo?

167 Ngayon masdan, "Nagpatotoo ang Diyos," sabi ng Biblia. Sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, o sa ika-11 kabanata, "Nagpapatotoo ang Diyos tungkol sa Kanyang kaloob, na siya ay matuwid." Pinatunayan ng Diyos ang kanyang handog. Gumawa ng patunay ang Diyos na iyon ang tinanggap Niya; iyon ang Kanyang Salita, ang Kanyang plano.

168 At sinabi kay Cain, sabi, "Gawin mo ang ganoon ding bagay, at mabuhay." Ngunit sa palagay n'yo ba'y gagawin niya, itatakwil niya ang kanyang ideya? Hindi, po. Isa siyang dimananampalataya, at umalis siya agad. Tama 'yon. Ganoon din ang ginawa ni Cain. Ganoon din ang ginawa ni Nimrod. Mga dimananampalataya! Hindi siya nanampalataya.

Si Belteshazzar, ganoon din, bagaman, o . . .

169 Si Nebuchadnezzar, bagama't si Daniel ay bilang kanyang diyos, ay tinawag niya itong Belteshazzar, na siyang pangalan ng kanyang diyos, nakita si Daniel na ginawa ang mga dakilang gawa ng Diyos. At saka niya nalaman na—na naniniwala si Belteshazzar, o na si Daniel ay isang diyos, kaya gumawa siya ng larawan nito, at inilagay ito roon at pinasamba ang lahat dito, at iba pa. Kita n'yo, pumasok ang kahariang Gentil na may pamumuwersa ng pagsamba sa larawan ng isang banal na tao, at lumalaganap ang kahariang Gentil na may pamumuwersa ng larawan ng isang banal na tao, kita n'yo, gayon din.

170 At mayroong isang sulat-kamay sa pader, ng di-maunawaang mga wika, sa pasimula ng kahariang Gentil, na walang sinumang makabasa kundi ang propetang iyon. At mayroong sulat-kamay sa pader ngayon, tama 'yon, "Ichabod," na lumisan na ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga bagay na iyon. At ang sulat-kamay ay nasa pader na at nababasa ng kaisipang espirituwal na naniniwala sa espirituwal na mga bagay, na naipanganak na ng Espiritu ng Diyos.

171 Lumabas ang matandang si Belteshazzar at kumuha nitong mga sisidlan ng Panginoon, upang uminom ng alak sa mga iyon. Bakit? Isa siyang di-mananampalataya. Inakala niyang isa siyang mananampalataya, subalit isa siyang di-mananampalataya. Kita n'yo, iyan na nga, hindi niya pinaniwalaan ang Salita.

172 Si Ahab, isa siyang di-mananampalataya, bagama't siya—kumikilos siyang tila siya'y hindi. Hindi, hindi, nasa gitna siya ng mga mananampalataya, subalit isa siyang di-mananampalataya. Ano ang ginawa niya? Pinakasalan niya ang isang babaeng sumasamba sa diyos-diyosan, at dinala ito, ang pagsamba sa diyos-diyosan, papasok sa Israel mismo. Isa siyang di-mananampalataya. Alam natin iyon.

173 Itinatanggi nila na katotohanan ang buong Salita ng Diyos. Ang di-mananampalataya nga, kita n'yo, ngayon tandaan, isa siyang mapagpaimbabaw. At siya—kumikilos siyang ganoon, sinasabi niyang sinasampalatayanan niya Ito, subalit itinatanggi niya Ito. Sabi niya, "Buweno, mabuti ang napakalaking bahagi Nito." Ngunit kung hindi tama ang lahat nito, kung ganoon siya'y ginagawa niyan na isang di-mananampalataya. Kailangan mong paniwalaan ang bawat kudlit at bawat tuldok, at lahat ng sinabi Doon. Ito nga'y tiyak na totoo. Kung hindi Ito totoo, kung sasabihin mo ngayon, "Hindi ko Iyan pinaniniwalaan," buweno, kung gayon ay isa kang di-mananampalataya.

174 May lalaking nagsabi sa akin, minsan, isang—isang ministro ang nagsabi, "Wala akong pakialam, G. Branham, kahit ilang tao pa ang maipakita mo na—na sinabi mong gumaling, hindi ko 'yon paniniwalaan."

175 Sabi ko, "Talagang hindi, hindi mo ito mapaniniwalaan. Isa kang di-mananampalataya. Hindi ito para sa iyo. Para lang ito sa mga mananampalataya."

176 Kailangan ninyo Itong sampalatayanan. Kita n'yo? At hindi nila Ito sinasampalatayanan. Kaya kapag nakita n'yo ang isang tao sa ganyan, mainam ang pagkakasabi ni Pablo na nabibilang sa mga propeta, na sinasabing sila'y magiging "mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos; na may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan doon, ang Kapangyarihan ng Salita; lumayo kayo sa mga ganyan." Pansinin, tinatanggihan nila ang kabuuan ng Salita, ngunit sa lahat ng anyo ay relihiyoso sila. Sila'y mga di-mananampalataya sa tunay na Salita, kahit na mapatunayan pa Ito.

177 Sa lahat ng bawat nagdaang kapanahunan, pinagtibay ng Diyos ang Salita ng mga taong ito na tinukoy ko, si Noe, at tuluy-tuloy hanggang kay Moises, at lahat ng mga propeta, at iba pa. Nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ng supernatural at pinatotohanan ang Salita, at ganoon pa man basta na lang iniwanan Ito ng mga tao.

178 At heto ang mga alagad na ito na nakatayo roon, silang pitumpu, at pinagmamasdan si Jesus na ginagawa ang mga bagay na ginawa Niya, at alam ang Kasulatan, at Kanyang sinasabi sa kanila na 'yon ang kapanahunan na magaganap ito. At pagkatapos nang magsabi Siya ng isang bagay, "Ang Anak ng tao! Ano'ng sasabihin n'yo?" Nang simulan Niyang sabihin sa kanila ang tungkol sa pagputul-putol ng tinapay, at iba pa, at nagpatuloy na sinasabi sa kanila ang tungkol sa dakilang, mga espirituwal na bagay.

At sinabi nila, "Oh, matigas na pananalita Ito!"

179 Sabi Niya, "Ano ang sasabihin ninyo kung gayon kung, ang Anak ng tao, ay makita ninyo Siyang umaakyat sa Langit kung saan Siya nanggaling?" Sabi, "Ito ba ay ang laman, o ito ba ay ang Espiritu, na bumubuhay?" Kita n'yo?

180 At pagkatapos ay lumayo sila, sabi, "Oh, Iyan, hindi, hindi ko mapapaniwalaan Iyan." Kita n'yo? Umalis sila palabas, sa Salita. Ni hindi nga sila mananatili para tingnan kung ano ang magaganap. Iyan ang—iyan ang di-mananampalataya.

181 Sila, ano ang ginagawa nila pagkatapos? Nasumpungan natin na sila, na ang mga taong ito, ang mga mananampalatayang ito, na mga mananampalataya kuno, ngunit sa mga anyo lang ng relihiyon, at nabibigo silang makita ang ipinakilalang Katotohanan ng Salita ng Diyos dahil sa laban Ito sa kanilang paniniwala. Kita n'yo?

182 Walang magagawang kaibahan kung ano ang paniniwala mo, kung gaano ka katapat, kung gaano ka karelihiyoso, o, wala

'yang isa mang kinalaman dito. Ang pagiging tapat, aba, wala 'yang anumang kinalaman dito. Nakakita na ako ng mga taong napakatapat! Nakakita na ako ng mga pagano na sinusunog ang mga anak nila, ipinakakain ang mga ito sa mga buwaya, mga ina sampu ng kanilang mga anak. Higit pa iyan sa magagawa ng isang Cristiano. Kita n'yo? Matapat silang naniniwala, matapat, subalit matapat na mali.

183 Sinasabi ng mga tao, "Buweno, nanatili ang iglesyang ito!" Iyan, kayo'y matapat na mali, kung taliwas ito sa Salita. "Buweno, ngayon tingnan mo, hindi ako naniniwala sa ganyang bagay!" Gayong, sinabi ng Biblia na gayon nga Ito, ganoon pa man! Kita n'yo? "Hindi ako naniniwala na kailangan nating gawin *Ito*." Wala akong pakialam kung ano man ang iniisip mong hindi mo dapat gawin. Sinabi ng Diyos na kailangan itong gawin.

184 "Lalakip ang mga tandang ito sa kanila." Gaano kalayo? "Sa buong sanlibutan." Kanino? "Sa bawat nilalang." Kita n'yo, mangyayari ito! Hindi, "Mangyayari ba?" Mangyayari ito!

185 At itong Mensahe sa panahong ito na ating tinatamasa ngayon, ang Presensiya ng Diyos, ang huling araw, ang oras ng gabi kung kailan nagliliwanag ang mga Ilaw, at ang mga bagay na nabuksan na, at ang Salita na pinatotohanan at pinatunayan bilang siyang Katotohanan; kapwa iprinopesiya, na natutupad na, lahat sa pamamagitan ng maka-agham at lahat na, pinatunayan na Ito nga ay, "si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, at magpakailanman." At, ang isang tao na biglang iiwan Iyan, siya'y—isa siyang di-mananampalataya. Wala na siyang pag-asa pa. Siya'y ginawa nang manhid ng kapangyarihan ni Satanas, kaya wala nang pag-asa pa para sa kanya. Wala na siyang pag-asa pa.

186 Ngayon iyan ay ano? Ang mananampalataya; ngayon ang di-mananampalataya; ngayon ang ikatlong uri, na pag-uusapan natin, ay ang nagkukunwaring mananampalataya. Iyan 'yung tao na iyon, ang nagkukunwaring mananampalataya! Ngayon, alalahanin, doo'y tumayo lahat ang tatlo. Ngayon, nakita natin ngayon, ginagawa nila eksakto kung ano ang ginagawa ng kanilang ama, na si Judas.

Naroon si Pedro at ang lahat ng iba pa sa mga apostol, mga mananampalataya.

Naroon ang pitumpu, mga di-mananampalataya.

187 At naroon si Judas, na nagpatuloy lang, isa siyang nagkukunwaring mananampalataya. Ano ang ginagawa nila? Ito ang uri na nananatili lang hanggang sa makasumpong sila ng isang bagay, isang mali Dito. Nakatingin sila palagi para makakita ng kapintasan, tingnan kung paano ito ginagawa, tingnan kung isang pandaraya ito, kung isang pakulo ito. Naghihintay silang magkanulo. Naghihintay sila para doon.

188 Ang di-mananampalataya, hindi man lang siya maghihintay. Kinondena na niya Ito, at umalis na.

189 Ang mananampalataya, kahit na ano pa ang mangyari, ay sinasampalatayanan niya pa rin Ito, paano't paano man, sapagkat Ito ang Salita.

Hayan ang inyong tatlong uri.

190 Ang di-mananampalatayang iyan ay aalis, sa unang bagay pa lang na nasabi, na hindi niya gusto tungkol dito. Kapatid, ipakikita niya agad mismo ang kulay niya. Isa siyang di-mananampalataya. Sinabi ni Pablo, "Sila'y lumabas sa atin, sapagkat hindi sila sa atin, sa pasimula. Nagsimula silang kasama natin." "Oh, nagsisitakbo kayong mabuti nang una; ano ang humadlang sa inyo?" Kita n'yo 'yon? "Nagsilabas sila, sapagkat hindi sila sa atin." Kapag nakikita nila ang Salita na kumikilos nang sakdal, aba, gusto nilang makakuha ng isang kung anong uri ng pakana na magagamit nila. Kita n'yo?

191 Ngunit ang mga tunay na mananampalataya ay walang pinag-aalinlanganan. Nakasulat Ito sa Salita, at sinasampalatayanan nila Ito, at nagpapatuloy lang sila. Iyan nga. Palagi, nasusulat. Kung hindi ito nasusulat, aba, lumayo talaga kayo rito, kahit na ano pa ang mangyari. Kailangang nakasulat ito. Kita n'yo? At nakikita nila ang nakasulat na Salitang iyan at sinasampalatayanan nila Ito. At nakikita nila ang Diyos na kumikilos sa Kanyang Salita, nakikita ang oras, ang Mensahe, ang panahon, at lumalakad sila kasama Ito.

192 Kagaya ng sinabi ko kaninang umaga, kung paanong ang matandang Pilato marahil ay naglakad sa sahig, noong gabi, na nababalisa ang kanyang konsiyensya, sinisikap na linisin ang sarili niya. At sabi niya, naku, nang walang dudang tumawag siya buong gabi, sabi, "Ako—ako—ako'y—hinugasan ko na ang mga kamay ko, buong magdamag, at hindi ko pa rin maunawaan. Kita mo, hindi sila malinis. Hinding-hindi ko magagawang katagpuin Siya; mayroon akong Dugo sa aking mga kamay." Oh, naku! Kita n'yo, huwag na huwag kayong magkasala nang ganoon. Kita n'yo?

193 Nasa inyong mga kamay Ito. May iisang paraan lamang na maaalis ninyo Ito; 'yun ay, ang tanggapin Ito, tama 'yon, maging bahagi ka Nito. Para doon Ito nabuhos.

194 Ngayon, ang nagkukunwaring mananampalataya ay nakikisama-sama lang at kumikilos nang relihiyoso sa abot ng makakaya niya, ngunit sa kaibuturan ng kanyang puso ay sinisikap niyang hanapin kung ano'ng—kung ano'ng, ikaw, paano mo ito ginagawa. Oh, kung di ba naman punong-puno ang bansa ng ganyang bahagi, ng mga mapagpaimbabaw! Siyanga. Isang Judas 'yon. Tumpak 'yon. Nakikisama-sama lang, nagiging bahagi ng grupo; siya ang ingat-yaman, kita n'yo. Nananatili, laging nakaunat ang kanyang kamay para sa

pera. Masasabi n'yo na, isang bagay, lagi siyang naghahanap ng mapeperahan, at nakaunat ang kanyang kamay para dito. At isa siyang nagkukunwaring mananampalataya. Kumikilos siyang parang isang mananampalataya, ngunit doon sa kaibuturan ng puso niya . . .

195 Tandaan ninyo, hindi niya niloloko si Jesus. Matapos na umalis ang pitumpu, at nanindigan ang mga mananampalataya; at bumaling Siya sa mga mananampalataya, sabi Niya, "May isang bagay pa rin sa inyo," sapagkat sabi, "pinili Ko kayong labindalawa, at ang isa sa inyo ay diablo." Alam na ni Jesus, mula pa sa pasimula, sapagkat Siya ang Salita. Alam Niya ang lihim ng puso.

196 Napakahirap niyon! Huminto panandali. Mag-isip nang malalim, nang mahaba, nang tahasan! Napakahirap marahil nito sa Kanya, ang lumalakad mismo doon, at isang tao ay tumatawag sa Kanya ng, "Kapatid," at alam sa tuwina na iyon ang mandaraya na magsisikap na guluhin Siya, at ipagbili Siya ng tatlumpung piraso ng pilak. Napakahirap niyan na dalhin iyon sa Kanyang dibdib, at ang Kanyang kaibigan na nakikisama roon. Maging Siya ay nagsabi, "Kaibigan," tinawag si Judas na Kanyang kaibigan, "hindi ba't nakasama n'yo Ako, sa mga panahong ito?" Nalalaman sa puso Niya, at hindi iyon masabi. Alam na Niya, mula pa sa pasimula, kung sino iyon na magkakanulo sa Kanya.

197 Hayan ang nagkukunwaring mananampalataya na naghihintay lang. Aawitin niya iyon, sasabihin, "Oh, naniniwala ako *rito*, at naniniwala ako *rito*, at naniniwala ako *rito*. Pero, oh, alam mo, narinig kong may nagsabi na ito'y *ganito-at-ganitong* beses." Oh, kita n'yo, sadyang hanggang mga tainga lang ang paghahangad.

198 Ang isang tunay na mananampalataya ay walang ibang pinapakinggan kundi ang Salita. Iyon lang. Binabantayan niya ang Salita. Hindi siya naghahanap ng anumang kasiraan. Hindi siya naghahanap ng anumang pakana. Sumasampalataya siya sa Diyos, at sapat na iyon, at nagpapatuloy lamang siya. Kita n'yo? Hayan ang mananampalataya.

199 Ang di-mananampalataya ay napupuno na sa isang sandali, at hindi siya makapanatili upang makinig nang sampung minuto sa Mensahe. Tatayo't tatayo siya at aalis. Taliwas ito sa kanyang kredo, at sadyang ayaw niyang magkaroon pa ng anumang kinalaman dito, kaya lalabas siya.

200 Tapos, nakikisama-sama pa rin ang di-mananampalataya, ang Judas na iyon. Kita n'yo, iyan 'yung mandaraya. Iyan 'yung—iyan 'yung tampalasan, kung kinakailangan kong magsabi ng ganyang salita. Si Judas, pasama-sama lang siya. Ito ang oras, kung minsan, na itong mga nagkukunwaring mananampalatayang ito ay sikat na sikat sa mga tao. Tama

’yon, itong mga nagkukunwaring mananampalataya, kita n’yo. Makapangyarihang tao ang ilan sa kanila, edukado, digri ng pagkadoktor, malaking suweldo, lahat na. Ang ilan sa kanila ay mga kilalang tao, tuso, katulad lamang ng kung ano nga ang mga anak ni Satanas.

201 Tingnan kung paanong nagtungo roon si Satanas at nakiayon sa bawat katiting niyaong Salita; hinihintay lang niyang makita ang mahinang bahaging iyon ni Eba, sa kung saan maipapakita niya ang kanyang kapangyarihan upang dayain siya, upang linlangin siya. Iyon ay—si Satanas ’yon. At dito si Satanas ay, nasa anyo ni Judas, sa kapanahunang iyon. Si Satanas ’yon noong unang kapanahunan. Ano siya noon? Nakikiayon sa Salita hanggang sa isang maliit lamang na bagay; sinisikap niyang maghanap ng isang dako kung saan siya makakahuli ng kahinaan.

202 At ’yan ang tumpak na hinahanap ng Judas ngayon. Makikidalo siya mismo sa pagtitipon, at magmamasid sa paligid hanggang sa masumpungan niya ang maliit na bahaging iyon na, siya, “Oh, hayun nga iyon! Iyan na nga!” Kita n’yo? “Oh, ganyan pala ’yun ginagawa!” Kita n’yo? Eksakto talaga iyan.

203 Marami sa inyo ang nakakaalala doon nang gabing iyon nang ang lalaking ’yon ay umakyat sa entablado. Inakala niya na may pagbabasa sa kaisipan sa pagbabasa ng mga prayer card, at gaanong naisip niya na nahuli niya iyon nang tama nang oras na iyon. Kapatid, siya—sigurado siya noon na nahuli nga niya iyon. At lumapit siya. Kaanib siya sa isang iglesya na hindi naniniwala sa—sa—sa mga ganito, sa Ebanghelyo, sa buong Ebanghelyo. At umakyat siya sa entablado. Pagod na ako noon. Naghahanda na sila noon para dalhin ako palayo.

204 Iyon ay sa Windsor, Ontario. Doon, tumawid buhat sa—buhat sa Estados Unidos doon, patawid mula mismo sa Detroit, sa Windsor, ang malaking bulwagan.

205 At ang lalaking ito ay umakyat doon na nakasuot ng amerikanang kulay abo, at kurbatang pula, mukhang matalinong lalaki, talagang matalino. Nagtungo siya sa entablado. At ako . . . Lumapit siya. At sabi ko, “Buweno, ibigay mo lang sa akin ang kamay mo.” Sabi ko, “Pagod na ako; napakaraming mga pangitain na ang nakita ko. Ibigay mo lamang sa akin ang kamay mo.” At—at hindi ko napansin ’yung tao. At inilagay niya ang kanyang kamay sa ibabaw ng kamay ko. At sabi ko, “Ginoo, walang problema sa iyo. Humayo ka na.”

Sabi niya, “Oh, mayroon, din.”

206 At sabi ko, “Buweno, hayaan mong tingnan ko riyan.” Sabi ko, “Hindi, ginoo, wala ni isang mang tanda. Hindi, ginoo, isa kang malusog na lalaki.”

Sabi niya, "Sige na tingnan mo ang prayer card ko!"

207 Sabi ko, "Wala akong pakialam kung ano man ang inilagay mo sa prayer card mo." Sabi ko, "Wala akong anumang kinalaman sa prayer card," hindi ko iniisip, nakita n'yo. Pagod na ako at hapo na. At ang aking . . . Ngunit ang biyaya ng Diyos, nakita n'yo, ay naroon pa rin.

208 Inyong tandaan, kung isinugo ka Niya, tungkulin Niya na pangalagaan ka. Hindi iyon akin; Siya 'yon. Isinugo Niya Ito. Ako'y dapat lamang manindigan sa kung ano ang totoo.

209 Nang ihagis ni Moises ang kanyang tungkod, naging ahas ito, at ginawa ng mga salamangkero ang ganoon ding bagay, ano pa nga ba ang magagawa ni Moises kundi tumayo roon at maghintay sa biyaya ng Diyos? Iyon lang. Ganoon ding bagay. Sinunod niya ang mga utos. At alam n'yo ang nangyari, hindi ba? Kita n'yo?

210 Sinabi ng lalaking ito, "Ngayon," sabi niya, "mayroon. Tingnan mo ang prayer card ko."

211 Sabi ko, "Buweno, maaaring may malaki kang pananampalataya, at marahil ay nagawa mo iyon," hindi ko iniisip, nakita n'yo. Nagawa ko . . . hindi man lang pinapansin.

212 Pagkatapos tinanggal niya ang butones ng kanyang amerikana at inilabas ang kanyang dibdib. Sabi niya, "Hayan na!" sa mga tagapakinig.

At naisip ko, "Ano'ng nangyayari dito?"

213 Tumingin siya sa paligid. Sabi niya, "Hayan na!" Sabi, "Nakita n'yo ba ang pakana?" Iyan ang inyong Judas, isang taong relihiyoso, isang mangangaral ng isang malaking denominasyon. Sabi, "Hayan na! Mayroon akong 'napakalaking pananampalataya.' Ngayon, labis na siyang nanghina, hindi na niya mabasa ang isipan. Kita n'yo, hindi na ito dumarating sa kanya." At sabi niya doon, "Hindi sa ang pananampalataya ko ay napakalaki." Sabi, "Inilagay ko iyon sa prayer card, at ngayon ay hindi niya iyon makuha, nakita n'yo." Sabi, "Iyan 'yung pakana!"

214 Naisip ko, "Ano'ng nangyayari?" Pagkatapos ay bumaba ang biyaya ng Diyos.

215 Sabi ko, "Ginoo, bakit inilagay ng diablo sa puso mo na subukang dayain ang Diyos?" Isang makabagong Judas! Sabi ko, "Isa kang church of Christ . . ." Pasensiya na. Buweno, nasabi ko na ito. "Isa kang mangangaral ng church of Christ. Kabilang ka sa church of Christ, mula doon sa Estados Unidos. At ang lalaking iyon na nakaupo doon na nakasuot ng asul na amerikana, at ang asawa mo at ang asawa niya na nakaupo doon, nakaupo kayo sa isang mesa kagabi na may nakapatong na berdeng bagay sa ibabaw nito, isang—isang nakalatag na parang

ganito, at napagpasyahan ninyong ito'y 'pagbabasa ng isip,' at dadalo kayo ngayong gabi."

216 Tumayo ang lalaking iyon. Sabi niya, "Iyan ang tunay na katotohanan. Diyos, mahabag Ka po sa akin!"

217 Sabi ko, "Ginoo, inilagay mo ang 'TB at kanser' sa kard na 'yan, at ngayon ay taglay mo na ito. Sa iyo na ito ngayon."

At hinawakan niya ako sa may binti ng pantalon, sabi niya, "Hindi ko . . . "

218 Sabi ko, "Hindi ako makakatulong. Humayo ka na. Iyan ay nasa pagitan mo na at ng Diyos. Isinulat mo ang iyong kapahamakan diyan mismo sa kard mo." At nasapol siya niyon. Iyon na lahat 'yon.

219 Kita n'yo, mga nagkukunwaring mananampalataya, mga mandaraya, na nagsisikap na makasumpong ng mali sa Diyos at sa Kanyang Salita. Iyan 'yung mga Judas. Iyan 'yung mga iyon. Nakita n'yo kung paano lumitaw si Judas? Nakita n'yo kung paano dumating ang lalaking iyon? Sa ganyang paraan nagkakaroon ng mga nagkukunwaring mananampalataya. Kita n'yo, mga nagkukunwaring mananampalataya, oh, mataas ang pinag-aralan, kung minsan, at isang matinding pagtutuos ang nagaganap sa pagitan ng Salita at ng kanilang kredo. At, kapag nangyari nga ito, nagkakanulo sila para sa kanilang denominasyon na katulad na katulad lamang ng kanilang tagapagpauna, si Judas. Si Judas ay nagkanulo para sa kanyang denominasyon; ipinagbili si Jesus, ang Salita, sa kanyang denominasyon, at ipinagkanulo si Jesus Cristo matapos niyang ipahayag na kabahagi nito.

220 Mga ministrong kung minsan ay nagpapahayag na mga lingkod ni Cristo, at kapag lubos nang naipakilala ang Salita bilang pinatotohanan para sa panahong iyon, na iyon ang Mensahe sa panahon na iyon, at magkakanulo sila doon para sa popularidad, sa kanilang denominasyon; sadyang kaparehong-kapareho ng ginawa ni Judas, ipinagkanulo si Jesus sa mga Fariseo at mga Saduceo. Hindi namamatay ang espiritung iyon, kaya hayun na nasa gitna ng mga mananampalataya, mga nagkukunwaring mananampalataya, at mga di-mananampalataya. Kita n'yo, 'yan ay sadyang tugmang-tugma, nagtungo roon mismo at ipinagbili si Jesus sa halagang tatlumpung pirasong pilak; at maraming tao ang gagawa nito sa panahon na ito para lang may mapagkunan ng ikabubuhay, para sa karagdagang isandaang dolyar kada linggo; tama, itatakwil ang Diyos na nakatayo sa kanilang kalagitnaan, na tumubos sa kanilang buhay, at taglay ang buong Salita.

221 At sasabihin nila, "Oh, ang mga araw ng himala ay lumipas na!" o, "Hindi na kailangan ng Diyos ng ganyang bagay sa panahon ngayon." Kita n'yo? "Oh, naniniwala ako kay Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos! 'Aba ginoong Maria, ina ng Diyos,

pinagpala ka sa babaeng lahat!'" Lahat ng iba pang mga bagay na ito na sinasabi nila! At ang ilan sa kanila ay nagsabi, "Sumasampalataya ako sa Kredo Ng Mga Apostol. Sumasampalataya ako sa Diyos Ama, na Makapangyarihan sa lahat, Manlilikha ng mga langit at lupa. Sumasampalataya ako sa banal na iglesya Katolika Romana, at sa lahat ng mga bagay na ito."

222 Sabihin sa akin kung kailan nagkaroon ng ganyang kredo ang apostol. Kung nagkaroon man ng isang kredo ang mga apostol, nakasulat ito sa Mga Gawa 2:38, "Mangagsisi at mangagpabautismo, ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Kung mayroong anumang kredo sa kanila, iyon na ito. Wala silang kredo. Iyon ay ang Salita. Totoo 'yan. Nananatili pa rin itong ganoon. Iyan ang reseta para sa lunas ng sakit ng kasalanan, "At tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo! Mangagsisi at mangagpabautismo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, kita n'yo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo."

223 Subalit nagkakanulo sila, gaya ni Judas. Iyan 'yung nagkukunwaring mananampalataya. Ang ilan sa kanila ay mga napakatalinong tao. At itong nagkukunwaring mananampalataya, masdan ang taong iyan. Iyan 'yung tusong tao. Ang taong ito na kaagad na napupuno, at tatalon at tatakbo palabas, sa bawat maliit na pariralang hindi niya nagugustuhan, huwag n'yo siyang pansinin; isa lamang siyang di-mananampalataya, unang-una na. Ngunit kapag nakita n'yo ang taong ito, isang nagkukunwaring mananampalataya, na nakikisama-sama lang, kita n'yo, 'yan ang Judas. Iyan siya.

224 Gaya ng mga kilalang talento. Magbabanggit ako ng mga pangalan dito. Na, hindi ko naman na dapat gawin ito, pero babanggitin ko na rin sila, paano't paano man, para malaman n'yo ito. Gaya nina, Elvis Presley, Red Foley, Ernie Ford, Pat Boone. Si Elvis Presley, isang Pentecostal; si Pat Boone, isang church of Christ; si Red Foley, isang diyakono sa church of Christ; at sa palagay ko si Ernest Ford ay isang Methodist. At lahat ng mga taong iyon na may mga ganoong talento, matatalino, na lumalabas sa telebisyon. At sinasabi ng mga tao, "Buweno, hindi ba't relihiyoso sila? Umaawit sila ng mga awitin." Walang anumang halaga 'yan. Siyanga, po. Dinadaya ang sanlibutan!

225 Ano'ng nakukuha nila dito? Nakakuha ng tatlumpung pirasong pilak si Judas. Si Elvis, isang pulutong ng mga Cadillac, at isandaan, o dalawa, isandaan at limampung milyong dolyar, o isang milyong dolyar mula sa mga plaka at mga ganung bagay. Si Pat Boone at ang lahat ng iba pa sa kanila. Wala akong pakialam kung ano mang iglesya ang kinabibilangan nila, at lahat na, ito'y

pagpapaimbabaw. Isa itong pagkukunwari. Isa itong palabas. Na, pinatutunayan ng buhay nila, na hindi tama 'yon. Tama.

226 Pagkatapos ay mayroong mga may taglay na mga talento na magagaling na mga tagapag-organisa, makamundong karunungan. Ipinapangaral nila ang Ebanghelyo, ipinamamarali nila; matalinong tao, mga intelektuwal. Makinig, isang taong sinanay sa larangang iyon, hindi siya isang mangangaral. Isa siyang lecturer. Iyan ang problema ngayon, mga lecturer ang mayroon tayo.

227 Hindi kailanman sinabi ni Jesus, "Humayo kayo at magsanay na gawin ang ganito." Ang sabi Niya, "Humayo kayo't ipangaral ang Ebanghelyo, at lalakip ang mga tandang ito sa pangangaral." Kita n'yo? Kita n'yo?

228 Hindi 'yan para matutong gumawa ng lecturer na kayang tumayo at sadyang, naku, maglagay ng mga ganoong mabubulaklak na mga bagay dito, gawin ang pakiramdam ninyo na tila ba nakaupo kayo doon sa presensiya ng isang Arkanghel. Hindi 'yon ganyan. "May mga anyo ng kabanalan," nakita n'yo, isa 'yang tagapagsalita, hindi ang Espiritu Santo na kumikilos.

229 Isang hamak na taong hindi alam ang kanyang ABC, ay maaaring dumating na taglay ang Kapangyarihan ng pananampalataya na taglay ang Salita; at pakilusin ang Espiritu Santo na gumawa ng mga bagay na walang anumang alam ang taong iyon tungkol dito, at itanggi pa nga ito. Kita n'yo? Hayan na.

230 Mga dakilang tao! Siyanga, po. Kung ganoon, mga tagapag-organisa sila. Sila ay mga mauunlad, matatagumpay, matatalino sa karunungan ng sanlibutan.

231 Kagayang-kagaya lamang ng ginawa ni Satanas kay Eba, yaong munting, kawawang babae. Nilapitan niya ito mismo at sinubukang kumbinsihin ang naturang babae sa ideya na magiging mas matalino ito kaysa dati, at 'yun ang hinahanap nito. Sa halip na manatili mismo sa kung ano ang sinabi ng Salita, siya—ninais niyang kumbinsihin ito sa kaisipan na magiging mas matalino ito, at binili naman nito ang kanyang produkto. At ganoon pa rin ang ginagawa nila sa panahon na ito. "Ang karunungan ng sanlibutang ito ay kamangmangan sa Diyos." Siyanga, po.

232 Hindi, po! Oh, naku, ang siya ring bagay na ipinagbili ng mga Fariseo, at ginawa, kita n'yo, sa pamamagitan ng karunungan na alam nila. Ngunit—ngunit tinatanggihan ang buong Salita ng Diyos.

233 Gayong Ito'y hustong napatunayan na at Ito'y pinagtibay na sa kanila, sinisikap pa rin nilang maghanap ng isang bagay, at iniisip na isang pakana Ito. Hindi sila panatag sa kanilang isip.

Hindi nila Ito mapaniwalaan. Maaari mong sabihin sa kanila ang anumang bagay, at balik na naman silang muli; maaari mong sabihin sa kanila ang anumang bagay, balik na naman silang muli. At sila lamang . . . At hindi Ito kayang ibaon, nakita n'yo. At masdan sila; naghihintay sila ng pagkakataon, isang kapintasan lang. Iyon lang ang kailangan nila.

234 Iya'y kung ano, kung hindi lamang sa biyaya ng Diyos, lahat na ng mga kapintasan ko ay naisiwalat na siguro, kung mayroon man ako. Kita n'yo? Biyaya ito ng Diyos, pagkat walang kapintasan sa Salita ng Diyos; kundi matuwid na Ebanghelyo lamang. Lagi ko nang sinasabi noon pa, kahit sino, kung makita ninyo ako na magturo o gumawa ng anumang bagay na hindi eksakto sa Salita ng Diyos, lumapit kayo't sabihin sa akin. Heto ang bagay na tumatakip sa mga kapintasan na sinisikap ninyong hanapin. Ituon lamang ang inyong mga mata Roon, at wala kayong makikitang kapintasan, dahil walang mga kapintasan.

235 Ngayon ay tandaan, inakala ni Judas na nakasumpong siya ng isa. Inakala ng taong iyon na nakasumpong siya ng isa. Maraming beses, iniisip nilang nasumpungan nila ito, subalit napapatunayan na hindi. Iyan ang mga nagkukunwaring mananampalataya, mga mapagpaimbabaw. Siyamnapu't limang porsiyento sila sa Salita, gayon din naman si Eba noon, subalit, siyamnapu't siyam at siyam na kasampu; subalit 'yung kasampu ang naging sanhi ng lahat ng kamatayan at kapighatian.

236 Iyan ang isang bagay na kinokondena ang organisasyon at mga ganung bagay, pagkat hindi nila tinatanggap ang buong Salita ng Diyos. Iyan ang mga nagkukunwaring mananampalataya. Nakita natin na ito'y laging gayon noon pa, ngunit itinatakwil ang tunay, na pinagtibay na Salita. Laging may ganito sa bawat henerasyon. Nakikita natin sila sa kanila lamang pagpapatuloy, at gayon din ay napakarelihiyoso.

237 Ngayon, naghahanda na akong magtapos ngayon, dahil sa nakagugol na naman ako ng kalahating oras.

238 Si Jesus, nalaman natin na binalaan na Niya tayo laban sa mga huling araw na ito at sa mga uri ng taong ito, na sila'y magiging kagayang-kagaya ng tunay na bagay, na kanilang lubos na dadayain yaong mismong mga Hinirang. Ano iyon? Iyon ang mga Judas, ang—ang mga taong naaabot na ang napakalayo. Tingnan, sila—nagagawa pa nga nilang umiyak, sumigaw, ipamarali na nagpapalayas ng mga demonyo, lahat na, at pagkatapos ay tatalikod at itatakwil ang Salita. Eksakto. May anyo sila ng kabanalan. Sila'y—sila'y—sila'y halos . . .

239 Tingnan kung saan na nakaabot si Judas. Umakyat na ang espiritu ni Judas papasok sa Ebanghelyo, hanggang sa punto na ng Pentecostes. Subalit nang dumating na sa punto na para bautismuhan na siya sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ang iba pang mga bagay na ito na kasama ng bautismo ng Banal na

Espiritu, umalis siya. Ipinakita niya ang kanyang mga kulay. At maaaring mabuhay ang espiritung iyan sa mga denominasyong iyon hanggang sa makarating na ito mismo sa Katotohanang iyan, tapos ay bibitiw ito kaagad, gaya ng espiritung nasa kanila, na naging tagapagpauna noon sa kanilang pagdating; kung paanong naging tagapagpauna si Juan sa pagparito ni Jesus.

"Ngayon sasabihin mo, 'Sinabi ni Jesus na sila'y magiging halos magkatulad na magkatulad.'"

240 Ngayon, "Hinirang," iyon ang uri na nakalagay na ang kanilang pangalan sa Aklat, mula pa noong pagkatatag, ng Buhay, na sumasampalataya, o pagkatatag ng sanlibutan, na sumasampalataya sa buong Salita ng Buhay. Iyan ang mga Hinirang.

241 Ngayon masdan ang mga taong ito. Ngayon, sinasabi ko ito na may pagpipitagan at paggalang, na may maka-Diyos na pag-ibig; kung hindi, ako'y—ako—ako—kailangan ko ng pagtawag sa altar, ako mismo. Pansinin, sinabi ni Jesus na ililigaw nila ang mismong mga Hinirang. Ngayon, hindi 'yan Methodist, hindi 'yan Baptist; alam nating sila'y mga di-mananampalataya, sa una pa lang. Kundi, ito'y mga Pentecostal na organisasyon na naging mga denominasyong iyon, naglagay ng kanilang mga hangganan, na wala ang Salita; at naglagay ng hangganan at inilagay ang sarili nilang organisasyon, at binakuran na nakalabas ang Salita. Ililigaw nila ang mismong mga Hinirang, ganap na ganap na magkapareho! Sasabihin, "Umiiyak sila. Sumisigaw sila. Lumulundag-lundag sila. Nag-aangkin silang may mga gawaing pagpapagaling." Gayon din si Judas, at gayon din ang lahat ng iba pa sa kanila. Nang magsihayo sila, nagsibalik na nangagagalak at lahat na, at nakasulat pa nga ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero.

242 Ngunit, tandaan, ang Nobya ay hindi—hindi—hindi lilitaw sa grupong iyan. Siya'y pupunta sa Pag-agaw.

243 Sa Paghatol, inihanda na ang paghatol, "At nangabuksan ang mga aklat, ang masasama; at isa pang Aklat, na siyang Aklat ng Buhay, ito ay binuksan," at naroon ang Nobya roon upang humatol rito. Kita n'yo? Kita n'yo? "Isa pang Aklat ang binuksan, na siyang Aklat ng Buhay." Iyan ang mga tupa sa isang panig, at ang mga kambing naman sa kabila. Kita n'yo, ang mga taong nangamatay noon doon, na hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataon, sila yaong mga ibubukod.

244 Subalit ngayon pansinin, "dayain" ang mismong mga Hinirang, masdan ang grupong iyan. Iyan ang grupo na nakikisunod-sunod lang, "Oo, kapatid. Aleluya! Oo. Luwalhati sa Diyos!" At doon mismo sa kaibuturan ng iyong puso nakikita mo kung para saan ka nila ginagamit; papupuntahin ka nila sa iglesya (bakit?) para humatak ng maraming tao, para kuhanan ang mga ito ng bawat katiting na pera na makukuha nila mula

rito. Sa palagay n'yo hindi ko alam 'yon? Maaaring hindi nila iniisip na alam ko ito, subalit alam ko ito.

245 Alam ni Jesus, mula pa sa pasimula, kung sino ang manlilinlang. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngunit ano ang ginawa Niya? Naghintay lang Siya hanggang sa oras na iyon. Ganyan dapat ang lagi nating gawin, maghintay hanggang sa oras na iyon. Huwag kayong kumilos sa sarili ninyo. Maghintay hanggang sa sandaling iyon.

246 May ka-. . . anyo, at nakikisama-sama lang, 'yan ang mapanlinlang na grupo. Masdan ang mandarayang iyan, ang grupong iyan diyan; hindi ang—hindi ang mananampalataya, hindi ang di-mananampalataya, kundi ang nagkukunwaring mananampalataya. Oh, naku! Ano ang ginagawa nila? Nakikisalamuha lamang hanggang sa inaakala nilang makasusumpong sila ng isang bagay, hinihila bawat sentimo na makukuha nila sa mga tao, kita n'yo, at pagkatapos itinatambak ito dito sa napakalalaking mga organisasyon; na lubos na laban, at alam nila ito. Kita n'yo, alam nila ito.

247 Walang saysay anuman ang sabihin mo. Lagi nilang binabalaan ang mga tao nila bago ka dumating, "Huwag ninyo Itong pakinggan."

248 Isang lalaki, na may tapang para tumayo doon sa Ohio, noong kagagaling pa lamang mula sa sakit ni Kapatid na Kidd, ang nagpunta doon sa entablado, at nagsabi, "Ngayon, si Kapatid na Branham ay isang propeta, walang duda talaga, kapag nasa ilalim siya ng pahid. Ngunit ngayon," sabi, "kapag wala na ang pahid sa kanya," sabi, "huwag ninyong paniwalaan ang Katuruan niya, dahil mali Ito."

249 At hindi niya alam, na habang nakaupo ako sa kuwarto ko, ay ipinahayag sa akin iyon ng Panginoon. At nagpunta ako doon mismo. At marami sa inyo ang naroon. Sabi ko, "Bakit sasabihin ng isang tao ang ganyang bagay, gayong ang Salita . . . " Ngayon, kita n'yo, hindi ko kailanman sinabing propeta ako; sinabi niya 'yon.

250 At ang propeta, ang salitang *propeta*, "tagakita," Lumang Ti-. . . Ngayon, ang Ingles na salin ng *propeta* ay nangangahulugang "isang mangangaral." Ngunit ang Lumang Tipan na *tagakita* ay isang tao na taglay "ang Makalangit na kapaliwanagan ng Salita," at napatunayan sa pamamagitan ng Salitang dumarating sa kanya at una nang nakikita ito. Iyon ay kung ano . . .

251 At ang isang tao na nagsasabi na ang isang tao ay propeta, at pagkatapos sasabihing mali ang kanyang Katuruan? Kung hindi ba naman 'yan pakana na gumagawa ng pera, ano pa? Malapit na ang oras kung saan ang bagay na 'yan ay maaalis na sa tagpo. Oo. Ngunit iyon ang uri na, ang nagkukunwaring mananampalatayang iyon, tinatapik ka sa likod, tinatawag kang

"kapatid," kagaya lamang ni Judas. Ngunit, tandaan, alam na Niya mula pa sa pasimula. Alam pa rin Niya. Siyanga, po.

252 Tandaan, lahat nitong mga nakikinig sa teyp na ito, rin, tama 'yon, kayo'y nasa isa sa mga uring iyan. 'Yan ay eksaktong tama. Ngayon ay magtatapos na tayo. Bawat tao na nandito, na naririto, bawat tao na nakikinig sa teyp na ito; at kahit na balang araw ay kailangan kong lisanin ang mundong ito, mabubuhay pa rin ang mga teyp na ito. Tama 'yon. Kita n'yo? At kayo'y nasa isa sa mga uri na ito. Kayo nga ay nasa isa sa kanila. Eksakto 'yon. Hindi n'yo ito matatakasan. Kayo'y nasa isa sa mga uri na ito.

253 Ngayon ay ano? Kilalanin ang sarili ninyo sa isang tauhan sa Biblia na nanampalataya, kung saan sinampalatayanan ninyo ang Salita nang pinatotohanan Ito, gaya ng pinatunayan ko Ito ngayong gabi, na ito ay isang pinagtibay na Salita sa tuwina, na laging taliwas sa paniniwala ng nakararami.

254 Kung nabuhay kayo noong panahon ni Noe, ngayon hayaan lang na magtanong ako, sa anong panig kaya kayo noon, sa panig ba ng iglesya o sa panig ni Noe, ang propeta? Kita n'yo?

255 Kung nabuhay kayo noong panahon ni Moises, naniwala kaya kayo sa mensahe ni Moises matapos na Ito'y mapatunayan at mapagtibay ng Diyos? Pero sumama kaya kayo kina Kora at Dathan, at sa kanila, at nagsabi, "Hindi lang ikaw ang banal na tao. Kaya ring gawin ng ibang tao ang mga bagay na ito na ginagawa mo"? Kita n'yo? Kinakailangang maging isa kayo sa mga ganoon, at kayo nga, sa gabing ito.

256 O kasama kaya kayo noon ni Daniel, o ng iglesya na naroroon sa handaan ni Nebuchadnezzar na inihandog nila? Kita n'yo? Naroon kaya kayo sa labas, o naroon kaya kayo sa malaking handaan, sa—sa maringal na bagay na ipinagdiriwang nila?

257 Kasama kaya kayo ni Elias, ang lalaking 'yon na naninindigang mag-isa, na tinawag na, "matandang kakatwa, isang lalaking nawala sa katinuan niya," at nakatayo sa ituktok ng isang burol, at ang ulo niya'y kumikinang doon sa araw, na may hawak na baluktot na tungkod sa kanyang kamay, pinapakain siya ng mga ibon, uh-huh, isang kakatwa? O kasama kaya kayo ng mga saserdote at nilang lahat doon na kasama ni Jezebel, at ng lahat ng iba pa sa kanilang mga kababaihang moderno ang pananamit? At nakatayo doon si Elias, na sinasaway sila, sa abot ng makakaya niya! Saang panig mo kaya dinala ang maybahay mo? Isipin lamang. Isalarawan lamang ang inyong sarili sa gabing ito.

258 Noong panahon ni Jesus, kasama kaya kayo ng Batang ito na walang mga kredensiyal? Wala Siyang kinaaanibang denominasyon. Sabi nila, "Saang paaralan Ka nagmula? Wala Ka sa talaan namin dito. Paano Mo nakukuha ang karunungang ito? Paano Ka natuto kung hindi naman namin itinuro sa Iyo ang mga bagay na ito? Sa anong paaralan ka dumaan? Methodist

Ka ba, Presbyterian, o Baptist?" Hindi Siya kabilang sa mga ito. Tama 'yon. Siya ang Salita. Tumpak na tumpak 'yan, kapatid. Ikaw ba . . .

259 O pinili n'yo kayang pumanig sa mga Fariseo ng makabagong paniniwala tungkol sa mapagpakumbabang matandang saserdote na tila ba napakagiliw at mabait, at sa organisasyong tumayo mula pa sa Konseho ng Nicaea, o mula nang organisahin ito ni Luther? O sa ano—sa anong grupo kaya kayo napabilang? Nandoon kaya kayo sa . . . Anong grupo kaya ang sinamahan n'yo? Tumayo kaya kayo kasama ng Salita nang makita n'yo Ito na pinagtibay at pinatunayan sa iyo, na Ito ang Mensahe sa panahong ito, o pinili n'yo kaya ang pinaninindigan ng iglesya? Ngayon ay isalarawan lang ang inyong sarili sa gabing ito.

260 Naroon kaya kayong kasama ng mga alagad, nang makita nila si Jesus at ang lahat nitong mga mahiwagang bagay, noong binayo Niya silang mga mangangaral, at nagsabi, "Kayo'y isang pugad ng mga ahas"? Silang mga tapat, na matatandang mangangaral ay pinag-aralan iyang Salita. Sabi, "Kayo'y walang iba kundi yungib ng mga magnanakaw, at kayo'y—kayo'y puno ng mga buto ng mga patay na tao. Kayo'y walang iba kundi pinaputing pader." Kita n'yo? "Kayong lahi ng mga ulupong." Pumanig kaya kayo sa isang ganyang Lalaki na mainitin ang ulo, Na tumayo doon at nanaway at nanggiba? Sabi, "Sino sa inyo ang makapagpaparatang sa Akin ng kasalanan? Kung hindi Ko ginagawa kung ano ang sinabi ng Ama . . . "

261 Sabi nila, "Huwag kayong makinig. May masamang espiritu ang Lalaking iyan sa Kanya. Nababaliw na Siya. Nasisiraan na siya. Siya'y—Siya'y may espiritu ng diablo sa Kanya. Kita n'yo? Ngayon, kung paano Niya nagagawa iyon, Siya, iyon ay espiritu ng manghuhula na nasa Kanya. Sabihin ninyo, ano ba Siya? Ipinagbuntis na Siya ng Kanyang ina bago pa man ikinasal ito at ang asawa nito. Kita n'yo? Kita n'yo? Anong paaralan ang pinanggalingan Niya? Ni wala nga tayong isang tala man lang tungkol sa Kanya na pumasok Siya sa paaralan ng gramatika."

262 At ganoon pa man noong labindalawang taong gulang na Siya, pinamangha Niya at ginulat ang mga saserdote, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kita n'yo? Saang paaralan Siya nanggaling? Sa paaralan ng Kaitaasan. Kita n'yo? "Kapag nakita ninyong bumababa ang Anak ng tao mula sa kung saan Siya nanggaling." Kita n'yo, iyon ang paaralan Niya.

263 Ngunit pumanig kaya kayong kasama ng mga apostol, sa isang Tao na katulad niyan, noong dumating ang pagtutuos?

264 O talagang umalis kaya kayo kasama ng pitumpung iyon, at nagsabi, "Buweno, babalik na kami doon sa aming iglesya kung sa ganyan Kang paraan magtuturo, na nagsasabing, Ikaw, 'ang Anak ng tao'? Gayong, sa kabila ng lahat, sino Ka ba? Ano Ka ba? Isang taong kagaya ko, kumakain akong kasalo Mo, at pinipilit

sabihing isa Kang ganoon. Pinanood Kita. Nakita ko ang Iyong kahinaan. Nakita Kitang umiyak. Nakita kong ginawa Mo *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*. Nakita Kitang pumunta sa ilang kasama namin, at lahat ng iba pang gaya niyan ngayon, at Ika'y isang tao lamang. At sasabihin Mong bumaba Ka galing sa Langit. Sobra na 'yan para sa akin." Lumakad kaya kayong kasama nila? O umalis kaya kayong kasama ng pitumpung iyon? O nagpatuloy kaya kayong lumakad kasama ng mga alagad at ni Cristo?

265 Nang sinikap panghawakan ni San Martin ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa iglesya, nang sinikap pa rin niyang manghawakan sa mga tanda at kababalaghan at mga gayong bagay, at kinondena ng iglesyang Katoliko ang lalaking iyan at ni ayaw siyang kilalanin man lamang, at itinaboy siya, pinili n'yo kaya ang posisyon kasama ng kredong Katoliko, o nanindigan kaya kayong kasama ni San Martin? Nang tumanggi siyang itayo itong lahat ng uri na ito ng mga rebulto ng—ng mga patay na tao, at sambahin sila, sambahin ang mga rebultong iyon, at iba pa, nang tinanggihan niya ang mga dogmang idinagdag, sabi niya, "Ang Salita ang siyang maging Katotohanan!" At pinagtibay siya ng Diyos sa pamamagitan ng mga dakilang tanda at kababalaghan, at ang inihula niya ay natupad. At lahat ng mga ginawa niya, lumakad siya sa Espiritu ng Diyos at pinatunayan ito, at ni isa man sa kanila na mga pari o anuman ay walang nagawa tungkol dito. Kumampi kaya kayo sa panig niya at humayo kasama ni San Martin, o humayo kaya kayong taglay ang kredong Katoliko?

266 Ngayon ang Salita, ngayon ang Salita ng Diyos o ang mga dogma ng iglesya, ay nasa harapan ninyo. Magagawa n'yo bang kunin, tanggapin kung ano ang mga dogma ng iglesya, o tinatanggap n'yo ba kung ano ang sinasabi ng Salita?

267 Alalahanin, sa lahat ng mga kapanahunan ay naging gaya ng sa ngayon din. Laging may laganap na paniniwala sa mga tao, at ito'y lagi nang medyo taliwas nang kaunti sa tunay na Salita. Tandaan, hindi ito kailanman isang tahasang pagtanggi lang Rito. Oh, hindi. Hindi itinatanggi ng anticristo ang Salita. Talagang hindi. Sinasabi niyang sinasampalatayanan niya Ito, ngunit lamang ay hindi ang lahat ng Ito sa paraan na naisulat Ito dito. Kita n'yo? Kita n'yo?

268 Sinabi ni Satanas kay Eba. Pinaniwalaan Itong lahat ni Eba maliban 'yung katiting lang na sinabi nito sa kanya. Tinatanggap nila sadyang lahat Ito maliban 'yung katiting lang. Maaaring, "pumunta sa bautismuhan," maaaring iba pa itong bagay. Kailangan mo Itong tanggapin, bawat katiting, nang sadyang kung paano Ito *Rito*, kita n'yo, sadyang kung paano Ito sinabi *Dito*. Maaaring magdulot ito sa iyo na gawin muli ang ilang mga unang gawa, subalit ito'y sadyang kung ano ang sinabi ng Salita. Ito na ang naging pandaraya ni Satanas mula pa noong

unang gamitin niya ito kay Eba, ang sadyang di paniwalaan ang katiting na Salita.

269 At, lagi nang pinaghihiwalay ang tatlong uri ng mga taong ito, pinaghihiwalay ng Salita ang mga taong ito. Sa bawat kapanahunan ay lagi nang ganoon. Bawat kapanahunan na dumating, lagi itong ganoon, kapag nagsugo ang Diyos ng isang bagay sa tagpo at maliwanag na ipinakikilala Ito, ang Kanyang Salita.

270 Pagkatapos naroon 'yung mga pasunod-sunod, na nag-aangkin na mga mananampalataya, at sila nga. Naroon naman 'yung mga di umuurong. Sinasampalatayanan nila ang Salita. Hangga't nananatili ka sa Salita, sinasampalatayanan nila Ito.

271 Ngunit kapag Ito'y naging medyo taliwas na nang kaunti, kahit na gaano pa Ito ipakilala ng Diyos sa pinaniniwalaan nila, sinasabi nila, "Buweno, ako—ako—hindi ko alam ang tungkol *Diyan*." Iyan ang di-mananampalataya.

272 O pasunod-sunod ka ba para lang tingnan hanggang sa magkaroon ka ng pagkakataon para sabihin, "Uh-huh, hayan na!" Isang Judas para saksakin ang isang tao sa likod, gaya ng ginawa niya. "Alam kong lalabas din ito, sa malao't madali. Hayan na!" Iyan ang nagkukunwaring mananampalataya. Bawat, bawat katiting nito, nakikita natin ito sa Biblia.

273 Isang batang lalaki minsan, dito sa Kentucky, na pinalaki doon sa mga kabundukan, siya—hindi pa siya napunta kung saan mayroong salamin. May kapiraso silang nakabitin sa itaas ng isang puno, pero hindi pa niya kailanman nakita ang sarili niya. Nagpunta siya rito sa Louisville, ang sabi nila, at nagbakasyon doon sa kapatid na babae ng nanay niya. At nakatira ito sa isa sa mga maiinam na tahanan, isang makalumang bahay. Nang pumasok sila sa isa sa—sa mga silid-tulugan na may—may pintuan na may salamin nang buo hanggang sa itaas nito, doon sa taas hanggang sa ibaba ng pintuan. Kita n'yo?

274 At nang mag-umpisang tumakbo ang maliit na bata sa kabahayan, tumigil siya. Nakita ng munting Johnny si munting Johnny. Kita n'yo? At nagkamot siya ng ulo niya, at ang munting Johnny na nasa salamin ay nagkamot ng ulo nito. Tumawa siya, at tumawa ang munting Johnny na nasa salamin. Lumundag-lundag siya, at lumundag-lundag ang munting Johnny na nasa salamin. Kita n'yo? Lumapit siya nang husto. Inakala niyang ito ay isang munting batang lalaki na maaari niyang makalaro, kaya lumapit siya. Direkta, tinuktok niya ang salamin. Lumingon siya, at pinagmamasdan siya ng mga magulang niya. Sabi niya, "Mama, ako po 'yan."

275 Ngayon tumingin ka *Dito*, at alin ka? Uh-huh. Uh-huh. Alin sa mga maliliit na Johnny na *ito* ang ginagaya mo? Alin ka, nakita ninyo? Isa ka sa kanila.

276 Iyon ay isa sa kanila, isa na tatalikod, sa unang depektong makita ninyo, na tinatawag ninyong depekto. Kita n'yo?

277 Subukin n'yo ito sa pamamagitan ng Salita at tingnan kung tama ito, kung pinatutunayan ng Salita ang lahat ng bagay. Kita n'yo, patunayan ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng Salita. Sinabi ni Jesus na gayon nga ang gawin. Siyanga, po. "Panghawakan ninyo ang mabuti." Iyan mismo ang sinabi Niya.

278 Ngayon ay tumingin sa salamin ng Salita ng Diyos, sa ibang mga kapanahunan, at tingnan kung sa aling grupo sa tatlong ito kayo makikilala. Ngayon, isipin lamang, kung nabuhay kayo noong panahon ni Noe, kung nabuhay kayo noong panahon ni Moises, kung nabuhay kayo noong panahon ni Jesus, o isa sa kanila, ano pa man iyon, isipin lamang kung sa aling grupo kayo makikilala. Isipin iyon sa gabing ito.

279 Pagkatapos, ang kasalukuyan ninyo. Ngayon, isipin lang ngayon. Malalim na ito ngayon. At huwag kayong pasasaibabaw nito. Ang kasalukuyan n'yong kalagayan ngayon ang nagpapatunay sa inyo kung sa anong grupo kayo sumama marahil noon doon. Ngayon, kayo ang sarili ninyong mga tagahatol, pinatutunayan kung ano kayo.

280 Reberendo, ministro, sa anong grupo kaya kayo sumama nang sabihin ni Jesus ang pahayag na 'yon na mahirap paniwalaan? Ano? Ano? Matapos na lubos Siyang makilala na Siya ang Salita, kita n'yo, at gayun pa man, ang pahayag na 'yon, hindi pa kayo nakarinig ng ganoon, "Ang Anak ng tao, ano'ng sasabihin ninyo kung Siya ay umakyat sa Langit kung saan Siya nanggaling?"

281 At sinabi ninyo, "Buweno, alam ko kung saan Siya ipinanganak. Kilala ko ang tatay Niya, kilala ko ang nanay Niya, at heto't sinasabi Niyang Siya'y aakyat kung saan Siya nanggaling." Iyan marahil ay medyo labis na para sa inyo, hindi po ba, ginoo? Uh-huh. Naging medyo labis na para sa inyo; hindi marahil masikmura Iyan. Marahil ganito rin ito sa araw na ito. Kung ganoon ay tumingin sa salamin ng Salita ng Diyos at tingnan kung saan kayo nakatayo. Oh, isang manlilinlang ng tao, huwag na huwag n'yong gagawin iyan.

282 Tingnan, kayo'y nasa isa sa mga uring ito. Sa kasalukuyan ninyong kalagayan ngayon mismo, ang kasalukuyang kalagayan ng isipan, na, kayong mga naririto sa nakikitang tagapakinig, at kayo riyan na magiging di-nakikitang mga tagapakinig ng teyp na ito, ang kasalukuyan ninyong kalagayan ng isipan matapos pakinggan ang teyp na ito, ay nagpapatunay sa inyo kung saang uri kayo naroroon. Sinasabi nito sa inyo eksakto kung saan kayo naroroon, kung kayo ma'y mananampalataya sa Salita at mananatiling kasama Nito, kung kayo ba'y aalis, o ititigil ang teyp na 'yan. Hmm? Sinasabi niyan kung ano ang ginawa ninyo. Ayaw n'yo Itong pakinggan, at ititigil Ito, sasabihin, "Ayaw kong

makinig Diyan," iyan, iyan 'yung di-mananampalatayang iyon. Kita n'yo, ayaw ninyong huminto upang subukin ito at alamin kung ito'y Katotohanan o hindi. Kita n'yo? O kaya ay pasama-sama lang at pinipilit makasumpong ng isang kapintasan Rito, kung ganoon alam n'yo na kung nasaan na kayo, din naman. Sinasabi Nito sa inyo.

283 Tulungan nawa tayo ng Diyos na sampalatayanan Ito at manindigan Dito, at maging matapat Dito, at sundin ang Salita, sapagkat Siya ay ang Salita. Sinasampalatayanan ba ninyo 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Tayo, manalangin tayo.

284 Minamahal na Amang Makalangit, napakahirap nito, kung minsan, na sabihin ang mga bagay na ito, at nalalamang marahil laksa-laksang mga tao ang makakarinig nito sa teyp, sa paglabas ng mga ito sa buong bansa at sa buong mundo. Subalit, Minamahal na Panginoon, totoo nga ito, napakatotoo nito. Dalangin ko, Panginoon, una'y linisin Mo po ang aking puso. O Panginoon, saliksikin ako, subukin Mo po ako.

285 Tingnan lamang ako, Panginoon. Ako'y mahina. Ako—ako—ako. . . Ako'y—ako'y pagod. Ako'y—ako'y hapo. Namamaos po ang lalamunan ko. Ang aking—aking—ang mga labi ko ay—ay—ay nanunuyo na, tila ba. At, at humihina na ang katawan ko, tumatanda na ako. At—at hindi na gaanong marami pang beses, Panginoon, marahil, napakarami pang pag-ikot ng araw, hanggang sa—hanggang sa ako'y—ako'y yayaon na.

286 At ngayo'y suriin ako, ngayon, Ama. At kung—kung mayroon akong bagay na ginagawang mali, at hindi ito nalalaman, Iyong—ihayag Mo lamang ito sa akin, Panginoon. Iyong, ipakita Mo po sa akin. Ako, nakahanda na ako ngayon upang iwasto itong lahat.

287 Tinitingnan ko ang aking sarili doon sa salamin ng Salita ng Diyos. Saan kaya ako nakatayo? Nakikita ko ba ang larawan ko na ipinapakita si Jesus Cristo? Iyan ba ang taong nakikita ko sa salamin? Nakikita ko ba ang isa sa mga mananampalataya ng Lumang Tipan, o ang mga mananampalataya ng Bagong Tipan? Nakikita ko ba ang isang nagkukunwaring mananampalataya? Nakikita ko ba ang sarili ko bilang isang di-mananampalataya na hindi makatatagal at makikinig sa Salita, at sa halip ay pipiliin ang makadenominasyong kaisipan? Nakikita ko ba ang sarili ko na pasama-sama lang, na pinipilit makakita ng maliit na kapintasan?

288 Panginoon, kung gayon nga po, sadyang—linisin lamang ako, Panginoon. Maging malinis at dalisay nawa ang aking puso. Sapagkat, ito ang buhay ko, Panginoon, ako. . . Ito'y, nais ko itong maging tama. Hindi kinakailangan na gawin lang ang kalahati nito, kung may paraan na magawa ito nang lubusan. Aking, gusto ko itong maiayos nang husto, Ama. Hindi lamang

iyon, kundi maaakay ko ang mga kalalakihan nang mali, ang mga kababaihan nang mali, at ang mga taong minamahal ko, at nagmamahal sa akin; kung gayon, magiging mali ako.

289 At, Ama, kung may anumang bagay, kung nakapag-isip ako sa gabing ito na alinmang denominasyonal na iglesya ay tama; o ang Konseho ng mga Iglesya ay tama, kung ang karamihan ng mga tao ay tama; Panginoong Diyos, tulungan Mo po akong maging lubos na lalaki, at lubos na Cristiano, para aminin ang pagkakamali ko at tumayo rito at isugo ang mga taong ito kung saan iniisip kong tama. Linisin Mo po ako. Hayaang tumingin ako at makita. Subalit pagdating na sa mga bagay na iyon, Panginoon, sa abot ng natatanaw ko ito, na may mga anyong gayon at tinatanggihan ang Salita; maaari mong sabihin Ito sa kanila, at ganoon pa man sasabihin nila, "Buweno, wala naman Itong anumang magagawang kaibahan. Ito. . . Hindi Iyan ang inaasahan ng Diyos ngayon."

290 Panginoon, sumasampalataya akong Ikaw ang siya pa ring Jesus. Ikaw ang siya pa ring Diyos na Ikaw na noon pa man. Ikaw ay Diyos pa rin, at hindi Ka nagbabago. Nananampalataya akong ang Bibliang ito ay ang Iyong Salita, at nananampalataya ako na Ikaw at ang Iyong Salita ay iisa.

291 At dalangin ko po, Diyos, na pagkakalooban Mo po kami ng Iyong Espiritu Santo, upang buhayin ang Salita, upang ibigay sa amin ang Kapangyarihang bumubuhay; na, balang araw kapag natapos na ang buhay, at Ika'y tapos na sa amin, na kami'y bubuhayin at papaitaas doon sa Langit kung saan kami naroon noon, sa mga kaisipan ng Diyos, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Diyos, ipagkaloob po ito.

292 Patawarin Mo po ang aming mga kasalanan, Ama. Kung may mga kalalakihan o mga kababaihan dito, na naroroon doon sa ibang uri, maliban sa mga tunay na mananampalataya sa Salita, Diyos, linisin Mo po ang kanilang puso. Kung mayroon mang nakikinig sa teyp, o makikinig pa lang, dumadalangin ako para sa paglilinis ng kanilang mga puso, na Iyo po silang lilinisin, Panginoon. Ako—ayaw ko po silang makitang mapahamak. Diyos, dalangin ko po na Iyong—Iyong tutulungan kaming maunawaan na ang isang pagkakamali ay hindi—ay hindi maitatama ang isa pang pagkakamali. May iisang paraan lang para magawa ito, iyon ay ang alisin ang parehong kamalian sa daan, at maging tama. At dumadalangin po ako, Ama, na Iyong ipagkakaloob iyon sa amin, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon.

293 Habang nakayukod ang ating mga ulo, nakayukod ang ating mga puso, ngayon gusto kong huminto kayo sa ilang saglit lamang.

294 Nang makita ko ang pangitain ng impiyerno, habang isang—habang isang munting bata pa, ang katatakutan dito.

Gayunma'y, maaaring mali ako rito. Maaaring iyon ay isa lamang pagpapakita ng hinaharap. Maaaring ganoon. Hindi ko alam. Tila ba nasa isang dako ako. Napakanatural niyon.

Pagkatapos, di pa katagalan, nang makita ko ang mga dako ng pinagpala.

295 Noong nandoon ako sa mga lugar ng napahamak, sumigaw ako, "O Diyos, huwag na huwag Mo pong ipahintulot na mapunta rito ang isang tao!" Hindi mo, walang salita na makapagsasalarawan sa inyo kung ano'ng nakakatakot rito. Walang paraan para sa akin na masabi sa inyo. Kung naniniwala kayong mayroong nagliliyab na impiyerno, na punong-puno ng apoy at asupre, iyan ay magiging isang—isang malamig na malilim na sariwang pastulan pa kaysa sa tanawing kinaroroonan ng mga nakakatakot na kalagayang ito ng napahamak, at ang kahirapan na—na kaakibat ng dakong iyon.

296 At kung sinikap kong mangusap sa inyo ng mga bagay na lampas sa pantaong kaunawaan, hindi ko pa rin kayang ilarawan ang lugar ng mga pinagpala, kung gaano kapayapa! Hindi na kailanman mamamatay, hindi na kailanman tatanda, hindi na kailanman magkakasakit; laging magiging nasa kabataan, laging magiging malusog, at hindi na kailanman mamamatay; Buhay na Walang Hanggan, sa pinagpalang kabataan, at walang kasalanan o ano pa mang iba! Oh, sadyang walang paraan upang ipa-. . . ilarawan, ilarawan ito.

297 Maging ang San Pablo, sabi niya, "Hindi nakita ng mata, hindi narinig ng tainga, ni hindi ito pumasok sa mga puso ng tao," ni hindi n'yo man lamang ito mauunawaan; walang anumang paraan para maipaliwanag ito, "kung ano ang inilaan ng Diyos para sa kanila, inilaan, na nangagsisiibig sa Kanya."

298 At ngayon, kung paanong ito ay tiyak na totoo, kapwa rito at sa di-nakikitang mga tagapakinig, isinasalarawan tayo rito, ngayong gabi, sa isa sa mga uring ito. Alinman sa tayo ay mga tunay na mananampalataya . . . Subukin ito sa Salita. Kung may sinabi ang Salita na isang bagay, at nagsabi ang iglesya ng bagay na iba, ano ang pipiliin ninyo? Tumingin sa salamin ng Salita ng Diyos at tingnan kung aling uri ang inyong tinatayuan. At kung kayo'y hindi, sa gabing ito, kapwa rito at sa di-nakikitang mga tagapakinig, kung kayo ay hindi, kung hindi kayo kabilang sa uri na iyon na nananampalataya, maaari ba akong maghandog ng salita ng panalangin para sa inyo ngayon, na mapunta kayo doon sa nananampalatayang uri?

299 At maaari ba ninyong ipakita ang gayon din, sa Diyos; na nakayukod ang inyong ulo, nakayukod ang inyong mga puso, nakapikit ang inyong mga mata, at sa harapan ng Diyos? Kung minsan medyo natatakot lamang ang mga tao, alam n'yo na, na tila ba magtaas ng kanilang mga kamay, takot na ang katabi nila . . . Na, hindi naman dapat sila ganoon, kundi kanilang—sila

ay dapat na handang manatiling nakataas, at sabihin, "Ako, ako'y mali. Ako'y mali."

300 "Siya na—siya na nagtatakip ng kanyang pagsalangsang ay hindi giginhawa, ngunit ang nagpapahayag ng kanyang kasalanan ay magtatamo ng kaawaan." Kita n'yo? Ano ang *kasalanan*? "Di pagsampalataya," di pagsampalataya sa (ano?) Salita.

301 Ngayon, kung wala kayo sa uri na iyan, at may mga bagay na—na nakikita n'yo sa Biblia na inyo lamang. . . sa—sa inyong. . . sa—sa inyong—inyong mga intelektuwal, inyong—hindi ninyo ito makita. Kayo lamang. . . Alam ninyong sinabi ng Biblia ang gayon, subalit kayo lamang. . . Hindi ninyo ito maunawaan, at gayon pa ma'y nais ninyo. Sabihin ninyo, "Diyos, ipahintulot pong magkaroon ako ng pang-unawa. Susundin Kita."

302 Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, at sabihin, "Alalahanin mo ako habang tayo'y nananalangin"? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Mabuti 'yan. Kita n'yo?

303 Isipin lamang ito nang mabuti, "May bagay ba sa Biblia na aking—sadyang aking—sadyang hindi ko alam? Ako—ako—ako'y—natatakot akong masumpungan ang aking sarili sa isa sa iba pang kategorya. Baka makita ko ang sarili ko kasama ang pitumpung iyon, na ako. . . Sadyang may ilang mga bagay lamang na aking. . . Napakahirap para sa akin na maunawaan kung paanong—na gagawin ng Diyos ang mga bagay na ganito, paanong Siya'y magiging gayon, paanong si Jesus ay magiging siya pa rin, paanong—kung papaano ang mga bagay na ito. Ako—hindi ko Ito maunawaan. Nais ko Itong maunawaan. Ako—nais ko Itong sampalatayanan. At, Diyos, tulungan Mo po ang aking kawalan ng pananampalataya. Ako—nais kong maging bahagi Nito. Nais kong maging kabahagi ng Salita. Nais ko Ito sa akin."

304 "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Salita Ko'y mananatili sa inyo, kung gayon ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin." San Juan 15. Alam nating totoo 'yan. Tingnan, "Kung mananatili kayo," hindi labas-masok, labas-masok, kundi, "kung kayo'y mananatili sa Akin," at Siya ang Salita, "at mananatili Ito sa inyo, kung ganoon ay hingin lamang ang anumang inyong ibigin at ito'y ipagkakaloob sa inyo. Mapapasa inyo ito."

305 "Ang tumatanggap sa Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay." Subalit kaya n'yo bang tanggapin ang Salita, muna? Kaya n'yo bang tanggapin ang Salita, ang buong Salita, ang kabuuan ni Cristo? Si Cristo ang pinahirang Salita. Siya ay ang Salita, na pinahiran.

306 Ang *Cristo* ay nangangahulugang "Ang pinahiran," ang pinahirang Salita para sa panahon na iyon, na nahayag, ang

Tagapagligtas, ang Manunubos. Doon ay kung kailan Siya darating, at Siya yaong pinahirang Tao na gaganap sa posisyon na iyon.

307 Ngayon ang Espiritu Santo na ito sa mga huling araw, na magsisinag sa mga Liwanag sa gabi, na ipinanunumbalik ang Pananampalataya na niyurakan na, sa mga denominasyon; kinokondena ang mga denominasyon at bumabalik sa orihinal na Pananampalataya, kasama ng orihinal na maka-Bibliang Pananampalataya; ang orihinal na Biblia, sinasampalatayanan ang bawat Salita Nito, hindi dinadagdagan ito at pinagsasalita Ito ng *ganito* at pinagsasalita ng *ganoon*. Sabihin lamang Ito kung paano Ito sinabi, at nais ninyo itong sampalatayanan nang ganoon.

308 May isa bang hindi nagtaas ng kanilang mga kamay, na nagnanais itaas ang kanilang mga kamay, at magsabi, "Diyos, alalahanin Mo po ako"?

309 Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, batang binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw. Mainam. Pagpalain ka ng Diyos, munting lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. "Nais ko Siya." At pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae, sa bandang kanan ko. At pagpalain ka, na nasa likuran. "Nais kong . . ." At pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. At ikaw, kapatid na babae, banda rito. Ikaw, kapatid na lalaki, sa kabilang panig na ito, pagpalain ka ng Panginoon. Pagpalain kayo ng Diyos, na nasa likuran. "Alalahanin lamang ako, Panginoon."

310 Ngayon alalahanin, hindi ninyo itinataas ang kamay ninyo sa akin; sa Kanya. Sa may likuran ko mismo, ngayon, nakikita ng Panginoon ang kamay ninyo. Kahit na malampasan ko ito, nakikita Niya ito. Alam Niya ang puso mo. Alam Niya kung ano ang itinitibok niyan. Alam Niya ang inyong layunin. Alam Niya kung ano ang motibo ninyo sa layuning iyan. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

311 Mayroon pa ba, "Nais kong sampalatayanan ang buong Salita." Pagpalain kayo ng Diyos. Buweno. Pagpalain kayo ng Diyos. "Tulungan Mo po ako, Panginoon, tulungan Mo po ako." Nakikita ng Panginoon ang inyong mga kamay. Siyanga, po. Ganyan nga. "May mga bagay na aking—hindi ko maunawaan. Ako—hindi ko nais na maging isang di-mananampalataya. Bagama't hindi ko nauunawaan ang mga ito, gusto kong sampalatayanan ito, paano't paano man. Nakahanda na akong sabihin, 'Panginoong Diyos, narito po ako. Nais kong manampalataya. Tulungan Mo po ang aking kawalang pananampalataya, Panginoon.'" Sumainyo ang Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Maraming, maraming mga kamay ang nakataas, at nagsisitaas pa.

312 Sasabihin ninyo, "Kapatid na Branham, nakakatulong ba iyan?" Itaas ang inyong kamay nang minsan, na may tunay, na tamang layunin, at alamin kung ano'ng nararamdaman ninyo tungkol dito.

313 Nagpatotoo na kayo na may isang munting bagay sa buhay ninyo, alam ninyo. May isang munting bagay, ayaw ninyong nariiryan ito, subalit naroon ito, pa rin. Iniisip ninyo kung paano ito magagawa. "At, Panginoon, huwag itulot na ako ay maging isang Judas. Huwag nawang itulot na pasunod-sunod ako sa isang—sa isang Mensahe, na sinisikap lamang marahil na isipin na balang araw ay may isang maliit na pagkakamali na lilitaw. O Diyos, huwag po ako. Hayaan po akong manatili mismo sa Iyong Salita. Kita n'yo? O marahil ay magiging isa akong di-mananampalataya na iniisip lamang, 'Buweno, kung—kung . . . buweno, bakit hindi sabihin ng iba pa sa kanila ang gayon?' Kita n'yo? Ako—ayaw ko ring maging ganoon. Nais kong maging isang mananampalataya. Nais ko. Nakikita ko ang Salita ng Diyos sa panahong ito. Nakikita ko ang Diyos Rito. At, Panginoon, gawin Mo po akong bahagi ng Salitang iyan. Gawin po akong bahagi Nito. Nais kong maging kabahagi Nito." Pagpalain kayo ng Panginoon.

314 Ngayon ay manalangin tayo. At bawat tao, manalangin kayo para—para sa sarili ninyo, at mananalangin ako para sa inyo. Alam ba ninyo, isang araw tayo'y . . . hindi na tayo magkakasama-sama rito, marahil, sa sandaling panahon. Ang ilan sa atin ay kukunin, at hindi na tayo magkakasama-sama pa. Marami sa atin dito, kung saan, ang ilan sa atin ay tumatanda na. Ang ilan sa atin, di natin alam. Maging ang mga bata pa'y namamatay. Namamatay tayo sa anumang edad. Kailangan nating maghiwalay, at kailangang matapos ang bagay na ito. At sadyang hindi kayo makapupunta doon nang nagbabaka-sakali lang, kailangan ninyong lumapit habang kayo'y nasa inyong tamang pag-iisip.

315 Sasabihin ninyo, "Buweno, bago lamang ako mamatay, kung makikita ko Ito." Hindi, huwag n'yong gawin 'yan. Kayo marahil ay ni wala na sa inyong tamang katinuan sa panahong iyon. Maaaring mapatay kayo bago kayo makauwi sa tahanan, sa isang aksidente. Maaari kayong mamatay sa isang atake sa puso. Hindi natin alam kung ano ang mangyayari; ang Diyos lamang ang may hawak diyan. Umaasa akong huwag sana.

316 Pinagmamasdan ko ang mga tao sa labas, din, na nakataas ang mga kamay nila sa may bintana. Kita n'yo? Oo, pagpalain kayo ng Diyos.

317 "Ako—nais ko—nais kong maging tama. Ako—ako—ako—nais kong maging tama." At ngayon ay itama na natin ito, ngayon, ngayon na mismo. Lamang, maaari ninyo itong tapusin nang minsan; kung mula sa inyong kaibuturan ng inyong puso, kung

tapat ninyong sasabihin, "Panginoong Jesus, kahit ano pa man ito, o ano pa man ang sinasabi ninuman, ang Iyong Salita ang mauuna sa buhay ko. Nais ko po Ito sa buhay ko. Ikaw ang Salita. Gayon nga po ang sabi ng Biblia, at naniniwala ako na ang Biblia ay ang Salita ng Diyos. At alam kong ang mga kredo at ang mga dogma, na ipinasok na Rito, ay ginawa na itong isang bungkos ng pagkukunwari. Panginoon, linisin Mo po ako sa mga bagay na gaya niyan, at gawin akong Iyo nang lubos. Itinataas ko po ang aking mga kamay sa Iyo. Itinataas ko ang aking puso sa Iyo, ang tinig ko sa Iyo, ang panalangin ko sa Iyo. Diyos, mahabag Ka po sa akin."

318 At nakataas ang mga kamay ko, rin, Panginoon. Linisin po ako, O Panginoon, sa lahat ng kawalan ng pananampalataya.

319 Bagama't maaaring hindi Niya ibigay sa akin ang—ang Kapangyarihan na lumakad kagaya ni Enoc at hindi na kinakailangan pang mamatay, kundi maglakad lamang sa hapon at umuwi na sa Tahanan kasama Niya; subalit, Diyos, tunay na sumasampalataya ako na mangyayari ito, dahil alam kong magkakaroon ng isang Pag-agaw sa huling araw, at ang gawain ay paiikliin.

320 At, Ama, sinasabi nga ng aming kalendaryo, tatlumpu't anim pang taon at matatapos na ang gawain, at darating Ka nga sa isang panahon sa loob niyon o walang laman na maliligtas. At saka sinabi sa amin, ng mga kronologo at ng—at ng mga taong nagsasaliksik ng mga ganoong bagay, na kami ay lubos na nauuna nang maraming, maraming taon mula roon, maraming mga taon na nauuna. Sinasabi nila sa amin, sa mga kalendaryo, na mas malayo pa kami nang higit kaysa roon; marahil mayroon na lamang labinlima o dalawampung taong natitira. Hindi ko po alam, Ama. Subalit alam ko, maging ayon sa aming kalendaryo, na halos naroroon na kami.

321 Nakikita ko po kung saan wala na ngang anumang pag-asang natitira pa, Panginoon. May paparating na isang. . . Kung simulan man nilang pakawalan ang mga bombang iyon sa isa't isa, Panginoon, magkakaroon—magkakaroon—hindi na magkakaroon pa ng lugar ng labanan. Kanilang, wawasakin nila ang isa't isa. At, Panginoon, nakabinbin na ito doon, at ganoon pa man sinasabi ng Biblia na ang buong kalangitan at lupa ay masusunog. Diyos, nakikita ko nang dumarating ang naturang panahon.

322 Naiisip ko ang pagpatay sa Pangulo, at saka makitang pumasok yaong isa pang masamang tao, na hindi man lang pinayagang magkaroon ng paglilitis 'yung tao, at binaril siya, sa walang-awang pagpaslang. O Diyos, ang isa ay may salang kagaya nung isa pa. Wala silang karapatan na gawin iyon. Kasamaan sa sarili naming bansa, na ipinagpapalagay pa namang isang bansang Cristiano, kami ay napakapangit na

halimbawa, Panginoon, ng pagka-Cristiano. Patawarin Mo po kami, Panginoon, sa aming mga kasalanan.

323 Tulungan kami, O Diyos, lalung-lalo na ang Iyong Iglesya, sila na nabautismuhan sa mistikal na Katawan ni Cristo. Na, "Ang Espiritu nga ang bumubuhay," sinabi Mo. At kung paanong umakyat ang Anak ng tao, gayon din naman aakyat ang Kanyang Katawan. At Siya ang Ulo; ang Kanyang Iglesya ang Katawan. O Diyos, ang Ulo ang pumapatnubay sa Katawan. Hayaang ang Ulo ng Salita ang gumabay sa Katawan ni Cristo. At maging kabahagi nawa ako ng Katawang iyan, Panginoon.

324 Dumadalangin ako para sa mga ito na nagsitaas ng kanilang mga kamay, at lahat ng naririto at lahat ng makikinig sa teyp. Panginoong Diyos, dumadalangin akong may katapatan. Tanggapin Mo po sila, Panginoon. Tingnan Mo po ang kanilang mga puso. Nalalaman Mo kung ano sila. Subalit, bilang lingkod Mo, ako—namamagitan ako para sa naturang mga tao, Panginoon. Ako—mahal ko po sila. Mahal ko sila.

325 At ako—ako—sinisikap ko lang gawin ito dahil naramdaman kong ang Iyong utos ay ang gawin ko ito. Kaya, Ama, narito ako, na ginagawa ang pinakamainam na makakaya ko sa . . . Patawarin Mo po ang aking mahinang mga pagkakamali, Panginoon. Dalangin ko na Iyong—Iyong pagkakalooban ako ng lakas, na magawa ko itong maging mas malinaw pa sa mga tao.

326 Ngayon ay samahan Mo po kami dito sa tabernakulo, ngayong gabi. Dungawin ang mga ito, Panginoon, yaong mga nagtaas ng kanilang mga kamay sa tabernakulo. Saliksikin Mo po ako, O Panginoon, at subukin Mo ako. At kung may pagkakamali man sa akin, linisin Mo ako, Ama. Ipagkaloob po ito. Linisin Mo po ang iglesyang ito.

327 Linisin kaming lahat, Panginoon, upang ang Salita ay magkatawang-tao sa gitna namin at maipakilala sa sanlibutan sa araw na ito. Ipagkaloob ito, Ama. Sapagkat, itinatagubilin ko ito, sampu ng aking sarili, at ng tekstong ito, at kasama ng mga tagapakinig na ito, at sampu ng Iyong Salita at ng Iyong pangako, para sa kaligtasan ng aming mga kaluluwa, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

328 Nawa ang Kapangyarihan ng Diyos ay sumaamin at pahiran kami, magmula sa pastor hanggang sa tagapaglinis, at bawat tao na naririto. Nawa'y pumarito ang Banal na Espiritu at manahan Ito sa aming puso, at kunin ang bawat pangako ng Diyos at ihayag sa amin na ang Salita Mo ay Katotohanan. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus ay dumadalangin ako.

329 At habang nangakayukod ang ating mga ulo. "I can . . . " Nais ko lamang na ang organista, kung maaari sana, na bigyan tayo ng tipa sa awiting ito na, "I can hear my Saviour calling. Where He leads me I will follow." *Where He Leads Me I Will Follow.*

. . . my Saviour call, (Ano Siya? Ang Salita!)
I can hear my Saviour calling,
I can hear my Saviour, (ngayon itakwil ang inyong mga dogma at mga gayong bagay)
Take thy cross and fol- . . .

330 "Ang hindi magpasan ng kanyang krus at sumunod sa Akin, ang Salita, ay hindi karapat-dapat na maging alagad Ko."

Where He leads (pabalik sa Biblia, kung saan Niya kayo aakayin) . . . will follow,
Where He leads me I will follow,
Where He leads me I will follow,
I'll . . . (Kung ito'y sa bautismuhan, sa Pangalan Niya; kung ito'y sa altar, upang alisin ang aking kahihiyan!) . . . all the way.

331 [Nag-umpisang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Where He Leads Me I Will Follow*—Pat.]

. . . Him through the judgments, (Iyan na nga, ngayon mismo.)
I'll . . .

332 Saang panig kayo kabilang? Ano ang nakikita ninyo sa larawan ninyo sa Biblia, na salamin ng Diyos, kung hinahatulan na ako ngayon sa pamamagitan ng Salita?

I'll go with . . .

333 "Sasama ako sa Salita, maging ano pa man ang kabayaran. Dadaan ako sa mga paghatol ng Diyos. Kung kinakailangan kong kunin ang isa sa mga lugar, gawin akong isang mananampalataya, doon mismo sa Salita."

. . . with Him, with Him all the way.
For where He leads me I . . .

334 Ngayon ay pag-isipan itong mabuti, nang talagang maigi ngayon. "He leads . . ."

Tatlong Uri Ng Mga Mananampalataya TAG63-1124E
(Three Kinds Of Believers)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Nobyembre 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org